INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

PAMAMARAANG STORY GRAMMAR SA PAGTUTURO NG EL FILIBUSTERISMO SA FILIPINO 10

DOI: 10.5281/zenodo.24389210

CRYSTAL T. ALCANTARA
Cebu Technological University, Main Campus, R. Palma St., Cebu City, Philippines
crystaltumulak@gmail.com

Abstrak

Sinuri ng pag-aaral ang bisa ng Pamamaraang Story Grammar sa pagpapataas ng pag-unawa sa binasa ng 38 mag-aaral sa Filipino 10 ng Mactan National High School, Taong Panuruan 2026–2027. Sinukat ang kasanayan sa pagkilala ng banghay, pagkakasunod-sunod, at pag-uugnay ng mga pangyayari, pati na rin ang epekto nito sa kawilihan at tiwala sa sarili. Ginamit ang disenyong pretest-posttest na pang-eksperimento at t-test sa pagsusuri ng datos. Nasa katamtamang antas ang paunang kakayahan na may MPS na 65.37 bahagdan. Matapos ang interbensyon, tumaas nang lubos na makabuluhan ang lahat ng kompetensi: pagkilala sa banghay mula 69.30 bahagdan naging 90.88 bahagdan; pagtukoy sa pagkakasunod-sunod mula 61.40 bahagdan naging 88.42 bahagdan; at pag-uugnay ng mga pangyayari mula 68.42 bahagdan naging 91.58 bahagdan na may p-value na mas mababa sa 0.001. Positibo rin ang kanilang karanasan na may pangkalahatang timbang na 4.13 para sa kawilihan at 4.10 para sa tiwala sa sarili. Mabisang estratehiya ang Story Grammar. Pinapahusay nito ang pag-unawa sa akda habang pinatataas ang interes at kumpyansa ng mga mag-aaral. Inirerekomenda ang paggamit nito sa pagtuturo ng panitikan.

Mga Susing Salita: Story Grammar; pag-unawa sa binasa; El Filibusterismo; estratehiya sa pagtuturo ng panitikan; kawilihan sa pagkatuto; tiwala sa sarili

Introduksiyon

Ang pag-unawa sa binabasa ay isa sa mga pinakamahalagang kasanayang dapat malinang sa bawat mag-aaral sapagkat ito ang nagsisilbing batayan sa pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa iba't ibang uri ng teksto. Gayunpaman, ipinakikita ng mga pinakahuling pandaigdigang pagsusuri na patuloy na bumababa ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa maraming bansa. Batay sa resulta ng "Programme for International Student Assessment [PISA] (2022), malaki ang ibinaba ng pagganap ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa sa mga bansang kabilang sa Organization for Economic Co-operation and Development (OECD). Marami sa mga mag-aaral ang hindi nakamit ang minimum na antas ng kasanayang kinakailangan upang maunawaan at magamit nang wasto ang mga tekstong kanilang binabasa (OECD, 2023). Ipinakikita nito na nananatiling isang malaking hamon sa pandaigdigang edukasyon ang pagpapalakas ng kasanayan sa pag-unawa sa binabasa, lalo na sa panahon ng pagbangon mula sa epekto ng pandemya.

Pinatutunayan din ito ng malawakang pag-aaral sa mga bansang Kanluranin. Ayon sa National Assessment of Educational Progress (NAEP) sa Estados Unidos, bumaba ang marka sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 4 at Baitang 8 mula taong 2019 hanggang 2022, kung saan karamihan ay hindi umabot sa antas ng kasanayang inaasahan sa pag-unawa sa binabasa (National Center for Education Statistics [NCES], 2024). Gayundin, ipinakikita ng mga ulat sa Europa na nananatili ang kakulangan sa reading literacy ng mga mag-aaral, lalo na sa mga kabilang sa mahihirap at disadvantaged na sektor, sa kabila ng pagkakaroon ng matatag na sistemang pang-edukasyon at mga programang pangliterasiya (OECD, 2023).

Sa Asya, kapansin-pansin din ang parehong kalagayan. Batay sa PISA 2022, nakapagtala ng mababang antas ng reading literacy ang Indonesia, Malaysia, at Thailand, kung saan maraming mag-aaral ang hindi nakamit ang minimum na pamantayan sa pag-unawa sa binabasa (OECD, 2023). Sa kabilang banda, nanguna naman ang Singapore, Japan, South Korea, at Chinese Taipei dahil sa kanilang matatag na kultura ng pagbabasa, sistematikong pagtuturo ng mga estratehiya sa pagbasa, tuloy-tuloy na pagsasanay ng mga guro, at paggamit ng mga interbensiyong nakabatay sa datos. Ang mga bansang ito ay nagbibigay-diin sa tahasang pagtuturo ng mga estratehiya sa pag-unawa sa teksto na nagbubunga ng mataas na antas ng reading literacy.

Mas malinaw na nakikita ang suliraning ito sa Pilipinas. Sa resulta ng PISA 2022, nananatili ang bansa sa hanay ng mga may pinakamababang antas ng pagganap sa reading literacy, kung saan kakaunti lamang ang mga mag-aaral na nakamit ang minimum na antas ng kasanayan sa pagbasa (OECD, 2023). Ipinahihiwatig nito na marami pa ring mga

mag-aaral na Pilipino ang nahihirapang matukoy ang mahahalagang impormasyon, makapagbigay-kahulugan sa teksto, at makabuo ng mas malalim na pag-unawa. Bilang tugon sa suliraning ito, ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon ang iba't ibang programang pang-interbensiyon tulad ng National Learning Camp (DepEd, 2023) upang matugunan ang learning gaps at mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Bukod dito, isinabatas din ang Republic Act No. 12028 o ang Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program, na naglalayong magbigay ng karagdagang suporta sa mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa, matematika, at agham. Ipinakikita ng mga programang ito ang patuloy na pagsisikap ng pamahalaan na mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto, lalo na sa larangan ng pagbasa at pag-unawa.

Sa Mactan National High School, ginagamit ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) bilang pangunahing kasangkapan sa pagtataya ng antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ng Phil-IRI, humigit-kumulang 58% ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ang nananatili lamang sa literal na antas ng pag-unawa, na nangangahulugang nakatutukoy lamang sila ng tuwirang impormasyong nakasaad sa teksto ngunit nahihirapan sa mas mataas na antas ng pag-unawa at pagsusuri. Isa sa mga tekstong pinag-aaralan ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa ilalim ng MATATAG Kurikulum ay ang banghay ng nobelang El Filibusterismo ni Dr. Jose P. Rizal. Gayunpaman, dahil sa limitadong antas ng kanilang pag-unawa, tinatayang nasa 60% sa kanila ang nahihirapang maunawaan ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, matukoy ang mahahalagang elemento ng banghay, at maipaliwanag ang ugnayan ng bawat pangyayari sa kabuuang daloy ng nobela.

Nakatuon ang pag-aaral sa 38 mag-aaral sa Filipino 10 na kabilang sa ARAL program ng Mactan National High School–Junior High School, Mactan, Siyudad ng Lapu-Lapu, Cebu, sa Taong Panuruan 2026–2027. Sinuri ang Kabanata 7, 10, at 35 ng El Filibusterismo batay sa pagkilala sa mga bahagi ng banghay, wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at pag-uugnay ng mga pangyayari sa isa’t isa. Sinuri rin ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kawilihan sa pagkatuto at tiwala sa sarili. Ang mga resulta ang ginamit na batayan sa mungkahing Lesson Exemplar.

Dahil dito, mahalagang gumamit ng isang estratehiya sa pagtuturo na makatutulong sa mga mag-aaral upang higit nilang maunawaan ang banghay ng El Filibusterismo. Isa sa mga estratehiyang maaaring gamitin ay ang Pamamaraang Story Grammar. Ang Story Grammar ay isang estratehiya sa pagtuturo na nakabatay sa konseptong ang isang salaysay ay may organisadong estruktura na binubuo ng magkakaugnay na elemento tulad ng tauhan, tagpuan, suliranin, mahahalagang pangyayari, kasukdulan, kakalasan, at wakas. Sa pamamagitan ng sistematikong pagtukoy at pag-oorganisa ng mga elementong ito, mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang kabuuang banghay ng akda at ang ugnayan ng bawat pangyayari.

Inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng batayan sa mga tagapamahala sa pagpaplano ng suporta sa literasiya, sa mga guro sa pag-angkop ng estratehiya at kagamitan, at sa mga mag-aaral sa pagsusuri ng panitikan. Maaari itong maging sanggunian ng susunod na mga pananaliksik. Limitado ang mga resulta sa napiling pangkat, paaralan, at tatlong kabanata; hindi saklaw ang ibang mag-aaral, antas, o buong nobela.

Kaligirang Teoretikal at Konseptuwal

Nakaangkla ang pag-aaral sa Constructivist Learning Theory nina Jean Piaget at Lev Vygotsky (1950s–1970s), Schema Theory ni Frederic Bartlett (1932) na pinalawak nina Anderson at Pearson (1984), Cognitive Load Theory ni John Sweller (1988), at Dual Coding Theory ni Allan Paivio (1971). Iniuugnay ng mga balangkas na ito ang aktibong pagbuo ng kaalaman, dating kaalaman, organisadong pagproseso, at berbal-biswal na presentasyon sa pagsusuri ng salaysay.

Constructivist Learning Theory nina Jean Piaget at Lev Vygotsky (1950s–1970s). Ang Teoryang Konstruktibismo, na binuo mula sa mga pangunahing kaisipan nina Jean Piaget at Lev Vygotsky, ay nagpapaliwanag na ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng kaalaman sa halip na basta lamang tumanggap ng impormasyon. Binigyang-diin ni Piaget (1950s–1970s) ang cognitive constructivism, kung saan nagaganap ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagbuo ng mga estrukturang pangkaisipan batay sa karanasan at sa mga prosesong kognitibo tulad ng asimilasyon at akomodasyon. Samantala, binigyang-diin naman ni Vygotsky ang social constructivism, na nagsasaad na ang pagkatuto ay nahuhubog sa pamamagitan ng interaksiyong panlipunan, wika, at paggabay o scaffolding sa loob ng Zone of Proximal Development (ZPD). Sa parehong pananaw, ang pagkatuto ay isang aktibong proseso ng pagbuo ng kahulugan kung saan nabubuo ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa batay sa dati nilang kaalaman at sa angkop na paggabay ng guro.

Ang teoryang ito ang nagsisilbing saligan ng kasalukuyang pag-aaral tungkol sa Pamamaraang Story Grammar sa Pagtuturo ng El Filibusterismo sa Filipino 10 sapagkat ipinapaliwanag nito kung paano natututuhan ng mga mag-aaral ang pagsusuri sa banghay sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at sistematikong paggabay. Sa paggamit ng Pamamaraang Story Grammar, natutulungan ang mga mag-aaral na mabuo ang kanilang pag-unawa sa pamamagitan

ng pag-oorganisa ng mahahalagang elemento ng banghay, tulad ng simula, suliranin, tunggalian, kasukdulan, kakalasan, at wakas. Naaayon ito sa mga simulain ng Konstruktibismo sapagkat hindi lamang minememorya ng mga mag-aaral ang mga pangyayari sa El Filibusterismo, kundi aktibo nilang sinusuri ang ugnayan ng bawat bahagi ng banghay upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa sa kabuuang daloy ng nobela. Higit pa rito, ang paggabay ng guro sa paggamit ng mga story grammar chart, story map, at iba pang graphic organizers ay umaayon sa konsepto ni Vygotsky ng Zone of Proximal Development (ZPD), kung saan unti-unting nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral na makilala ang mga bahagi ng banghay, matukoy ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at maiugnay ang mga ito sa isa't isa.

Tinalakay sa manuskripto ang mga kaugnay na pag-aaral nina Erbil (2020), Hassan at Al-Jamal (2021), at Meyer at Land (2022) tungkol sa aktibong pakikilahok, paggabay, at organisasyon ng impormasyon.

Teorya ng Iskema (Schema Theory) ni Frederic Bartlett (1932), na pinalawak nina Anderson at Pearson (1984). Ang Teorya ng Iskema, na unang ipinakilala ni Frederic Bartlett (1932) at kalaunan ay pinalawak nina Anderson at Pearson (1984) sa larangan ng pag-unawa sa binabasa, ay nagpapaliwanag na ang pag-unawa ay isang aktibong proseso kung saan binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang bagong impormasyon batay sa kanilang umiiral na kaalaman o iskema (schema). Ang mga iskema ay nagsisilbing mga estrukturang pangkaisipan na tumutulong sa pag-oorganisa, pag-iimbak, at paggunita ng impormasyon. Sa pagbabasa ng isang teksto, hindi lamang kinikilala ng mga mag-aaral ang mga salita, sa halip inuugnay nila ang bagong impormasyon sa kanilang mga dating karanasan at kaalaman upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa at makahulugang interpretasyon. Dahil dito, mahalaga ang pagpapagana (activation) ng iskema sapagkat ito ang nagbibigay-daan upang maiugnay ng mga mag-aaral ang mga bagong ideya sa kanilang umiiral na kaalaman.

Ang Teorya ng Iskema ang nagsisilbing isa sa mga batayan ng kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang Pamamaraang Story Grammar sa Pagtuturo ng El Filibusterismo sa Filipino 10 ay tuwirang sumusuporta sa pagpapagana at pag-oorganisa ng dating kaalaman ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggabay sa mga mag-aaral sa Baitang 10 upang matukoy ang mahahalagang bahagi ng banghay, tulad ng simula, suliranin, tunggalian, kasukdulan, kakalasan, at wakas, natutulungan silang maiugnay ang kanilang dating kaalaman sa mga bagong impormasyong kanilang natututuhan. Ang organisadong pagkilala sa mga bahagi ng banghay ay nagbibigay-daan upang mas madaling makilala ng mga mag-aaral ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at maiugnay ang mga ito sa isa't isa. Sa pamamagitan ng paggamit ng story map, graphic organizer, at iba pang biswal na presentasyon ng banghay, higit na napapalakas ang kanilang mga iskema, na nagiging dahilan upang maging mas organisado at mas malalim ang kanilang pagsusuri at pag-unawa sa El Filibusterismo.

Iniugnay ang ganitong pag-oorganisa sa mga pag-aaral nina Ahmed at Nasr (2021) at Kaya at Aydin (2023) tungkol sa schema-based instruction at graphic organizers.

Ang Cognitive Load Theory ni John Sweller (1988). Ang Teorya ng Kognitibong Bigat (Cognitive Load Theory), na unang ipinakilala ni John Sweller noong 1988 at patuloy na pinagyaman sa mga sumunod na taon, ay nagpapaliwanag kung paano gumagana ang sistema ng memorya ng tao. Ayon sa teoryang ito, ang working memory ay may limitadong kakayahang magproseso ng impormasyon sa isang pagkakataon, samantalang ang long-term memory ay nag-iimbak ng kaalaman sa mga organisadong estrukturang tinatawag na iskema (schemas). Ipinakikita rin ng teorya ang tatlong uri ng kognitibong pagsisikap: intrinsic load, na tumutukoy sa likas na antas ng kahirapan ng aralin; extraneous load, na tumutukoy sa hindi kinakailangang pagsisikap na dulot ng hindi maayos na presentasyon ng aralin; at germane load, na tumutukoy sa produktibong pag-iisip na nakatutulong sa pagbuo ng pag-unawa. Ayon sa teorya, ang mabisang pagtuturo ay dapat mabawasan ang extraneous load at ituon ang kakayahan ng mga mag-aaral sa germane load upang maging mas epektibo at pangmatagalan ang pagkatuto.

Ang teoryang ito ay nagsisilbing mahalagang batayan ng kasalukuyang pag-aaral tungkol sa Pamamaraang Story Grammar sa Pagtuturo ng El Filibusterismo sa Filipino 10 sapagkat nagbibigay ito ng isang malinaw at organisadong balangkas na gumagabay sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng Pamamaraang Story Grammar, ang banghay ng El Filibusterismo ay naihahanay sa mga pangunahing bahagi tulad ng simula, suliranin, tunggalian, kasukdulan, kakalasan, at wakas. Ang organisadong presentasyong ito ay nagsisilbing gabay upang hindi mabigatan ang working memory ng mga mag-aaral sa dami ng mga tauhan, pangyayari, at isyung panlipunang matatagpuan sa nobela. Sa halip na malito sa masalimuot na daloy ng kuwento, natutulungan silang ituon ang kanilang pansin sa mahahalagang bahagi ng banghay, matukoy ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at maiugnay ang bawat pangyayari sa isa't isa. Sa ganitong paraan, nababawasan ang hindi kinakailangang kognitibong bigat at mas napagtutuunan ng mga mag-aaral ang makabuluhang pagsusuri at pag-unawa sa El Filibusterismo.

Tinalakay ang organisadong presentasyon at scaffolding nina Zhang (2020), Eitel at Kühl (2021), Moreau (2023), Mendoza (2024), at Chen at Sweller (2026). Hindi direktang sinukat sa kasalukuyang pag-aaral ang cognitive load.

Dual Coding Theory ni Allan Paivio (1971). Ang Teorya ng Dalawahang Pagpoproseso (Dual Coding Theory, na iminungkahi ni Allan Paivio noong 1971, ay nagpapaliwanag na ang pagkatuto ng tao ay nakasalalay sa dalawang magkahiwalay ngunit magkakaugnay na sistema ng pagpoproseso ng impormasyon: ang berbal na sistema (verbal system), na responsable sa pagproseso ng wika, mga salita, at teksto, at ang biswal o imahinatibong sistema (nonverbal/imagery system), na tumatanggap at nagpoproseso ng mga larawan, simbolo, at ugnayang biswal. Ayon kay Paivio, higit na tumitibay at tumatagal sa memorya ang impormasyong sabay na naipoproseso sa pamamagitan ng dalawang sistemang ito kaysa sa impormasyong dumaraan lamang sa iisang paraan. Kapag pinagsama ang mga salita at kaukulang biswal na representasyon, mas madaling naaalala ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan, nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa, at nababawasan ang posibilidad ng pagkalimot. Dahil dito, ang Dual Coding Theory ay kinikilalang mahalagang batayan sa pagdidisenyo ng mga estratehiya sa pagtuturo na umaayon sa natural na paraan ng pagkatuto ng utak.

Ang teoryang ito ay nagsisilbing mahalagang saligan ng kasalukuyang pag-aaral tungkol sa Pamamaraang Story Grammar sa Pagtuturo ng El Filibusterismo sa Filipino 10 sapagkat pinagsasama nito ang berbal at biswal na presentasyon ng impormasyon upang higit na mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamaraang Story Grammar, ang mga pangunahing bahagi ng banghay ng El Filibusterismo tulad ng simula, suliranin, tunggalian, kasukdulan, kakalasan, at wakas ay hindi lamang ipinapaliwanag sa pamamagitan ng teksto kundi inilalarawan din gamit ang mga story map, graphic organizer, flowchart, timeline, at iba pang biswal na kagamitan. Sa ganitong paraan, sabay na napagagana (activate) ang berbal at biswal na pagpoproseso ng impormasyon ng mga mag-aaral. Dahil dito, mas nagiging malinaw ang ugnayan ng mga pangyayari sa nobela, mas madaling natutukoy ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ito, at higit na nauunawaan ang kabuuang mensahe ng akda. Sa halip na isaulo lamang ang banghay, nagagawa ng mga mag-aaral na maiugnay ang mga tekstuwal na impormasyon sa mga biswal na representasyon, kaya nagiging mas organisado, mas makahulugan, at mas pangmatagalan ang kanilang pagkatuto.

Pinatutunayan ng mga makabagong pag-aaral ang kahalagahan ng Dual Coding Theory sa pagpapahusay ng pagkatuto. Natuklasan nina Sadoski at Willson (2021) na ang pag-uugnay ng mga elemento ng Story Grammar sa mga visual organizer ay nagpaangat ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral ng humigit-kumulang 29% kumpara sa pagtuturong gumagamit lamang ng teksto, sapagkat ang sabayang pagpoproseso ng berbal at biswal na impormasyon ay lumilikha ng mas maraming daan para sa paggunita ng kaalaman. Ipinakita rin nina Rasheed at mga kasamahan (2023) na ang mga mag-aaral na gumamit ng story map at iba pang biswal na kagamitan ay nakabuo ng mas malinaw na mental na representasyon ng kuwento at mas mahusay na nakasagot sa mga tanong na nangangailangan ng mas malalim na pagsusuri. Sa konteksto ng Pilipinas, pinatunayan nina Guzman at Santos (2024) na ang mga mag-aaral na tinuruan gamit ang Story Grammar na sinamahan ng mga biswal na representasyon ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pagkatuto, mas mahusay na paggunita sa mga pangyayari, at higit na kakayahang magsalaysay at magsuri ng mga akdang pampanitikan. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Banu (2026) na ang pagsasama ng berbal na estruktura ng kuwento at mga biswal na scaffold ay nakatutulong hindi lamang sa literal na pag-unawa kundi maging sa interpretatibong pagsusuri, sapagkat nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maiugnay ang kanilang nababasa sa mga larawang kanilang nakikita. Ang mga pag-aaral na ito ay sumusuporta sa kasalukuyang pananaliksik at nagpapatunay na ang pamamaraang Story Grammar ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng banghay ng El Filibusterismo dahil pinagsasama nito ang berbal at biswal na pagkatuto upang mapalalim ang pag-unawa at pagsusuri ng mga mag-aaral sa nobela.


Ang mga paliwanag na ito ay teoretikal na kaugnayan, hindi hiwalay na pagsukat ng mga prosesong kognitibo ng kasalukuyang mga kalahok.

Mga Legal na Batayan

Tinukoy sa manuskripto ang Republic Act No. 9155 o Governance of Basic Education Act of 2001; Republic Act No. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013; Republic Act No. 11106 o Filipino Sign Language Act of 2018; at DepEd Order No. 021, s. 2019 o Policy Guidelines on the K to 12 Basic Education Program. Iniuugnay ang mga ito sa pag-angkop ng pagtuturo sa pangangailangan ng mag-aaral, learner-centered na kurikulum, at inklusibong edukasyon.

Iniugnay ang RA 9155 sa pamamahala at pagpapabuti ng gawaing pampagtuturo, at ang RA 10533 sa pagsisiyasat, pagninilay, pagtutulungan, at aktibong pagbuo ng kaalaman. Ang RA 11106 ay inilalahad bilang batayan ng Filipino Sign Language at pantay na oportunidad para sa mga Pilipinong may kapansanan sa pandinig. Ginagamit sa manuskripto ang prinsipyong inklusibo bilang kaugnayan ng mga biswal na kagamitan; hindi nito itinatala na may kalahok na may kapansanan sa pandinig o na gumamit ng FSL ang interbensiyon.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8



Pigura 1. Sanligang Teoretikal at Konseptuwal na Batayan ng Pag-aaral

Mga Kaugnay na Pag-aaral

Nagsagawa sina Villarta-Mendoza et al. (2025) ng isang parang-eksperimentong pagsisiyasat upang suriin ang impluwensya ng Estratehiya sa Balangkas ng Kuwento sa pagganap sa pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral sa Ikalimang Baitang ng West City Central School sa Taong Panuruan 2024–2025. Gamit ang disenyong pang-grupo ng kontrol na may pagsusulit bago at pagkatapos, hinati ng mga mananaliksik ang 60 kalahok nang pantay sa dalawang pangkat: ang pangkat na eksperimento ay nakatanggap ng tuwirang pagtuturo sa pagtukoy ng mga bahagi ng kuwento tulad ng tagpuan, tauhan, tunggalian, mahahalagang pangyayari, at wakas, habang ang pangkat na kontrol ay tinuruan gamit ang nakagawiang pamamaraan sa pagbasa. Ipinakita ng mga natuklasan na ang parehong pangkat ay nagkaroon ng katulad na mababang antas ng pagganap sa unang pagsusuri; gayunpaman, ang pangkat na natuto ng balangkas ng kuwento ay nakakuha ng mas mataas na marka sa pagsusulit pagkatapos at nagpakita ng mas positibong pananaw sa

pagbasa. Pinagtibay ng pag-aaral na ang estratehiyang ito ay nagbibigay ng isang estrukturadong balangkas na kognitibo na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na ayusin ang mga detalye ng salaysay, makabuo ng mas matibay na iskema sa isip, at mapahusay ang kanilang kakayahang maunawaan ang parehong hayag at nakatagong impormasyon sa mga teksto.

Sa isang kaugnay na pag-aaral, sinuri nina FitzPatrick et al. (2026) kung paano nakatutulong ang pagsasama ng pagtuturo sa balangkas ng kuwento at pagsusuring biswal sa pagbuo ng kasanayan sa pagsasalaysay nang pasalita at mga pangunahing kasanayan sa literasiya ng mga mag-aaral sa preschool. Gumamit ang mga mananaliksik ng disenyong pang-grupo ng kontrol na may pagsusulit bago at pagkatapos na kinasasangkutan ng 47 bata, kung saan ang pangkat na interbensyon ay nakilahok sa mga sesyon ng pagbabasa nang malakas gamit ang mga de-kalidad na aklat na may larawan, na sinamahan ng tahasang mga aralin tungkol sa istruktura ng salaysay at kung paano naghahatid ng kahulugan ang mga larawan. Ipinakita ng mga resulta na ang mga kalahok sa pangkat na eksperimento ay higit na naging mahusay kaysa sa kanilang mga kasamahan pagdating sa pagsasama ng kumpletong mga elemento ng kuwento, lohikal na pag-aayos ng mga pangyayari, at pagbuo ng maayos na salaysay. Ang mga kinalabasan na ito ay sumusuporta sa Teoryang Dobleng Pagkakaayos ng Impormasyon, na nagmumungkahi na ang pag-uugnay ng mga pasalitang paglalarawan sa mga biswal na representasyon ay nakababawas ng hindi kinakailangang karga sa isip, nagpapatibay ng mga modelo sa pag-iisip, at nagtatatag ng kaalamang batayan na kailangan para sa matagumpay na pag-unawa sa binabasa at pagsulat sa mga susunod na antas ng pag-aaral.

Bukod dito, sinuri ng isang parang-eksperimentong pag-aaral na isinagawa noong Pebrero 2026 ang bisa ng mga pamamaraan sa pagbubuod sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral sa Mataas na Paaralang Sekundarya, na may tiyak na pagtuon sa mga tekstong naglalahad ng pagsusuri. Hinati ang mga kalahok sa pangkat na eksperimento at pangkat na kontrol. Ang pangkat na eksperimento ay nakatanggap ng sistematikong pagsasanay sa pagbubuod, kabilang ang pagtukoy ng pangunahing ideya, pag-aalis ng mga kalabisan na impormasyon, at muling pagbuo ng nilalaman sa maikli at malinaw na paraan, habang ang pangkat na kontrol ay sumunod sa karaniwang pamamaraan ng pagtuturo. Ipinakita ng pagsusuri ng datos ang makabuluhang pagtaas sa marka sa pagsusulit pagkatapos ng pangkat na eksperimento, na may malaking sukat ng epekto na nagpapatunay sa praktikal na halaga ng estratehiya. Napagtanto ng pag-aaral na ang pagbubuod ay naghihikayat ng aktibong pagproseso sa isip, nakababawas ng labis na impormasyon, at tumutulong sa mga mag-aaral na ayusin ang nilalaman ng teksto sa mga maayos na balangkas sa isip, kaya't ito ay isang mahalagang pamamaraan para sa pagpapaunlad ng malalim at mapanuring pagbasa.

Sina Indiongco et al. (2025) ay nagsagawa rin ng pag-aaral upang mapabuti ang pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng UST Education High School sa pamamagitan ng pagsasama ng mga estratehiya sa mapanuring pagbasa at mga materyales sa pagbasa na pinili ng mga mag-aaral mismo. Ang parehong pangkat ay tinuruan ng limang pangunahing estratehiya: pagmamasid bago magbasa, pagtatanong, pagsusuri, pag-uugnay ng mga ideya, at pagbubuod. Gayunpaman, ang pangkat na eksperimento ay gumamit ng mga teksto na pinili mismo ng mga mag-aaral, samantalang ang pangkat na kontrol ay umasa sa mga babasahing itinalaga ng guro. Ipinakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral na gumamit ng sariling piniling mga teksto ay nakakuha ng mas mataas na marka sa pag-unawa at nagpakita ng mas malaking motibasyon at pakikilahok sa mga aralin. Ipinaliwanag ng mga may-akda na ang pagpapahintulot sa mga mag-aaral na pumili ng kanilang babasahin ay nakababawas ng pagtutol sa pag-iisip, nagpapataas ng interes, at ginagawang mas epektibo ang mga estratehiya sa pag-unawa, mga natuklasang naaayon sa mga teoryang nagbibigay-diin sa pag-optimize ng karga sa isip at aktibong pagproseso ng impormasyon.

Sinuri nina Supriyono et al. (2024) ang mga paraan, pamantayan, at hamon sa text summarization, kabilang ang extractive, abstractive, at pinagsamang pamamaraan. Naiiba ang pagsusuring ito ng mga teknik sa pagsubok ng isang interbensiyon sa silid-aralan. Inilahad nina Idulog et al. (2026) ang mga hamon sa pagkilala sa salita, bokabularyo, at pag-unawa sa Pilipinas, kaugnay ng babasahin, oras, laki ng klase, interbensiyon, at suportang pantahanan.

Sa pag-aaral ni Angay (2026) sa 173 mag-aaral sa Baitang 2 gamit ang CRLA, iniulat ang positibong ugnayan ng pagbasa at akademikong pagganap; ang ugnayang ito ay hindi patunay ng sanhi. Sa pag-aaral ni Pereyra (2025) sa 371 mag-aaral sa Baitang 4 mula sa pitong paaralan sa Catanauan I, iniulat ang paglipat mula 54% instructional at 46% frustration levels tungo sa 81% independent level matapos ang apat na linggong vocabulary preteaching at repeated reading.

Inihambing nina Alforque at Sambo (2025) ang ReadTheory.org at karaniwang pagtuturo sa 70 mag-aaral sa Baitang 4. Iniulat ang mas mataas na posttest ng digital-platform group; ang nonsignificant na paunang pagkakaiba ay hindi katibayan ng ganap na pagkakapareho ng mga pangkat. Sa pag-aaral ni Ladio (2021), 14 nahihirapang bumasa ang hinati sa dalawang pangkat. Matapos ang 12 linggo, iniulat ang pag-angat ng teacher–parent reading partnership group sa independent level.

Natukoy nina Madrid et al. (2025) sa 220 intermediate learners ang negatibong ugnayan ng kahirapan sa pag-unawa at akademikong pagganap. Iniulat nina Dela Cruz at Santos (2021) sa 80 mag-aaral sa Baitang 7 ang mas mataas na posttest ng pangkat na tinuruan ng pagbubuod. Sa pag-aaral ni Walang Segundo (2025) sa 60 mag-aaral sa Baitang 2, iniulat ang mas mataas na pag-unawa matapos ang walong linggong integrative performance assessment.

Nagbibigay ang mga pag-aaral na ito ng konteksto sa organisadong pagsusuri ng salaysay at suporta sa literasiya. Gayunman, magkakaiba ang kanilang kalahok, disenyo, teksto, at estratehiya. Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa Story Grammar sa tatlong kabanata ng El Filibusterismo at sa tatlong tiyak na kasanayan ng napiling pangkat sa Filipino 10.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matasa ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino 10 sa mga piling kabanata ng El Filibusterismo gamit ang pamamaraang Story Grammar sa Mactan National High School, Mactan, siyudad ng Lapu-Lapu, Lalawigan ng Cebu, sa Taong Panuruan 2026-2027, bilang gabay sa pagbuo ng isang Lesson Exemplar.

Inaasahang sa dulo ng pag-aaral na ito ay mabigyan ng tiyak na kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang pretest score ng mga respondanteng mag-aaral sa pagtasa ng kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa sa paggamit ng tradisyunal o kumbensyonal na pamamaraan sa pagtuturo ng mga piniling kabanata ng El Filibusterismo batay sa mga piling kompetensing nakapaloob sa Unang Termino sa Budget of Work (BOW) ayon sa :

1.1. Pagkilala sa mga bahagi ng banghay ;
1.2. Pagtukoy sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari; at
1.3. Pag-uugnay ng mga pangyayari sa isa't isa ; ?

2. Pagkatapos gamitin ang pamamaraang Story Grammar sa pagtuturo ng mga piniling kabanata ng El Filibusterismo, ano ang posttest score ng mga mag-aaral na mga respondante sa pagtasa ng kanilang pagganap mula sa mga tinukoy na mga kompetensi?
3. May makabuluhan bang pagkakaiba sa pagitan ng pretest at posttest score ng mga respondante batay sa resulta ng pagtasa sa mga piniling kompetensi kaugnay sa pag-unawa sa binasa?
4. Ano ang nahihinuhang epekto ng mga respondante sa paggamit ng pamamaraang Story Grammar sa pagtuturo ng El Filibusterismo sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa sa mga binasang tinukoy na kabanata ng nobela ayon sa :

4.1. kawilihan sa pagkatuto, at
4.2. tiwala sa sarili sa pagtalakay ng aralin

5. Batay sa matutuklasan, ano ang isasagawang kagamitang pampagtuturo gamit ang Story Grammar na pamamaraan?

Pagpapahayag ng Ipotesis

Batay sa mga layunin at katanungan ng pag-aaral, susubukin ng mananaliksik ang sumusunod na ipotesis na walang kaugnayan (Null Hypothesis) sa antas ng kahalagahang 0.05:

H_0: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre at posttest score ng mga respondante batay sa resulta ng pagtasa ng kanilang pagganap batay sa piniling kompetensi kaugnay sa pag-unawa sa binasa gamit ang Pamamaraang Story Grammar.

Metodolohiya

Disenyo at Saklaw

Inilarawan sa manuskripto ang kwantitatibong One-Group Pretest–Posttest Design bilang quasi-experimental, batay kina Campbell at Stanley (1963) at Fraenkel at Wallen (2009). Iisang pangkat ang tinaya bago at pagkatapos ng Story Grammar; walang hiwalay na control group o random assignment. Ipinakikita ng paghahambing ang naitalang pagbabago, ngunit hindi nito naihihiwalay ang epekto ng estratehiya sa iba pang posibleng salik.

Saklaw ang Kabanata 7, 10, at 35 ng El Filibusterismo. Ang pretest ay inilalarawan bilang pagtataya pagkatapos ng kumbensiyonal na pagtuturo, at ang posttest bilang pagtataya pagkatapos ng Story Grammar. Ginamit ang parehong 45-aytem na pagsusulit. Ang paggamit muli ng parehong aytem ay bahagi ng dokumentadong pamamaraan at dapat isaalang-alang sa pagpapakahulugan sa pagbabago.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8


Kapaligiran at mga Kalahok

Ang pananaliksik na ito ay isasagawa sa Mactan National High School – Junior High School, na matatagpuan sa Puso Center, Mactan, Siyudad ng Lapu-Lapu, Lalawigan ng Cebu humigit-kumulang 1.2 kilometro mula sa makasaysayang Dambana ng Kalayaan ng Mactan at mula sa kalupaan ng Lapu-Lapu. Ang paaralang ito ay itinatag noong Hulyo 3, 1971 at dating kilala bilang Mactan Barangay High School na nakapaloob noon sa Mactan Elementary School; lumipat ito sa kasalukuyang lokasyon noong 1989 sa pamamagitan ng masigasig na pagsisikap ng dating punong-guro na si G. Archimedes M. Dampor. Sa loob ng mahigit limampung taon, lumago ito mula sa isang payak na simula hanggang maging isa sa malalaking paaralan sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangguniang Panlungsod ng Lapu-Lapu. Mayroon na itong 9 gusali na may 72 silid-aralan na kagamitan na may mga telebisyong pampagtuturo, at nagsisilbing tahanan ng mahigit 3000 mag-aaral sa Junior at Senior High School. Sa Baitang 10, mayroong 18 seksyon na pinangangasiwaan ng 14 na guro sa asignaturang Filipino.

Ang mananaliksik ay guro ng Filipino sa Ikasampung Baitang ng nasabing paaralan. Pinili ang 38 kalahok sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa pagiging kabilang sa ARAL program at literal na antas ng pag-unawa sa resulta ng Phil-IRI. Inilarawan sa source ang pagsama sa remedial program tuwing ikalimang linggo ng bawat markahan. Hindi iniulat ang kabuuang populasyong pinagmulan, response rate, o eksaktong haba ng aktuwal na interbensiyon.

Daloy ng Pag-aaral

Ginamit ang modelong Input–Proseso–Output (IPO), na iniugnay sa manuskripto kay McGregor (2017). Kabilang sa input ang pretest, posttest, at pananaw sa kawilihan at tiwala sa sarili. Inilalahad sa proseso ang paghingi ng pahintulot, pagtataya, pagtuturo, pangangalap ng tugon, at pagsusuri ng datos. Ang output ay mungkahing Lesson Exemplar; hindi ipinapalagay na napatunayan na ang hiwalay na pagpapatupad nito.



Pigura 2. Daloy ng Pag-aaral


INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Mga Instrumento at Balidasyon

Dalawang instrumento ang inilalarawan sa manuskripto. Ang Pagsusulit sa Pag-unawa ay may 45 multiple-choice na aytem, na may tig-15 para sa pagkilala sa mga bahagi ng banghay, pagkakasunod-sunod, at pag-uugnay ng mga pangyayari. Hango at inangkop ang kagamitan mula kina Garcia at Mendoza (2023) at Villarta-Mendoza et al. (2025), ayon sa source, upang umayon sa nilalaman at Budget of Work sa Filipino 10.

Ang Iskala sa Pagtugon ay may dalawang bahagi na may tig-10 aytem para sa kawilihan sa pagkatuto at tiwala sa sarili. Iniugnay ang balangkas nito kina Gambrell et al. (1996) at Bandura (1997). Nakapaloob ang buong mga pahayag sa mga talahanayan ng resulta. May isa ring paglalarawan sa pangangalap na tumutukoy sa sampung tanong lamang; hindi nalutas sa source ang pagkakaibang ito.

Nakaplanong ipasuri ang instrumento sa punong-guro, mga Dalubguro sa Filipino, at eksperto sa estadistika gamit ang sampung tanong sa Talatanungan ng Balidasyon. Kabilang sa pamantayan ang kaangkupan, kalinawan, kaugnayan, antas ng hirap, at pagkakatugma sa kurikulum. Isinasaad din na hindi magsasagawa ng hiwalay na pilot test. Walang kalakip na kumpletong validation ratings o reliability coefficient; hindi sapat ang balangkas ng naunang pag-aaral upang awtomatikong mapatunayan ang katumpakan ng inangkop na instrumento.



Pigura 3. Mapa ng Pag-aaral at Larawan ng Mactan National High School

Pangangalap ng Datos at mga Etikal na Hakbang

Inilahad ang paghingi ng pahintulot sa SDS, PSDS, at punong-guro bago ang pananaliksik. Kabilang sa nakaplanong hakbang ang pagpapaliwanag sa 38 kalahok ng layunin, saklaw, pamamaraan, at karapatang kusang makilahok o

umalis, at pamamahagi ng liham ng pagsang-ayon. Hindi nakalakip ang mga nilagdaang pahintulot o ulat ng ethics approval; hindi inilalarawan ang mga ito bilang napatunayang nakumpleto.

Sa unang yugto, itinuro ang mga piling kabanata gamit ang kumbensiyonal na daloy ng pagganyak, paglalahad, pagtalakay, pagsasanay, at pagtataya. Ang pretest ang batayan ng paunang pagganap. Sa ikalawang yugto, inilalarawan ang paggamit ng Story Grammar, mga tsart, balangkas, at pagpapangkat upang matukoy ang mga tauhan at tagpuan, maayos ang pangyayari, at maipaliwanag ang ugnayan sa kabuuang mensahe. May hiwalay na pangungusap sa source tungkol sa muling pretest; hindi matiyak kung isa o dalawang paunang administrasyon ang isinagawa.

Pagkatapos ng pagtuturo, ibinigay ang posttest at iskala ng pagtugon. Inilaan sa source ang pangangalap sa paaralan sa oras na hindi makaaabala sa ibang klase. Inihambing ang pretest at posttest sa bawat kompetensi at inilalarawan ang mga tugon sa kawilihan at tiwala sa sarili. Bagaman may mga resulta nang iniulat, marami sa talata ng Methods ang nasa panahunang panghinaharap; kailangang patunayan ng may-akda ang aktuwal na petsa, administrasyon, at pagkumpleto ng mga nakaplanong hakbang.

Pagmamarka at Pagsusuri

Ang bahaging ito ng pag-aaral ay naglalahad ng pamamaraan ng pagmamarka na gagamitin sa pagsusuri ng lahat ng nakalap na datos. Ang pagsusulit ay binubuo ng kabuuang 45 aytem, na nahahati sa tatlong kompetensi na may tig-labinlima (15) aytem bawat isa: (1) Pagkilala sa mga bahagi ng banghay, (2) Pagtukoy sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at (3) Pag-uugnay ng mga pangyayari sa isa't isa sa mga piling kabanata ng nobelang El Filibusterismo. Ang bawat talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng saklaw ng iskor, katumbas na bahagdan, antas ng kahusayan, at pagpapakahulugan batay sa tiyak na kakayahan ng bawat kompetensi na nagsisimula sa pinakamataas na antas patungo sa pinakamababa.

Talahanayan 1. Pagpapakahulugan sa Iskor: Pagkilala sa mga Bahagi ng Banghay (Pinakamataas = 15)

Range of Raw Scores	Deskripsiyon ng Kahusayan	Pagpapakahulugan
13 - 15	Napakahusay / Highly Proficient	Lubos na tumpak na nakikilala at natutukoy ang lahat ng mahahalagang bahagi ng banghay simula, tunggalian, kasukdulan, kakalasan, at wakas nang walang pag-aalinlangan.
10 - 12	Mahusay / Proficient	Tumpak na nakikilala ang halos lahat ng bahagi ng banghay; napakabihira lamang ng pagkukulang sa pagtukoy ng mga tiyak na elemento.
7 - 9	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency	Nakikilala ang karamihan sa mga bahagi ng banghay; may kaunting pangangailangan lamang sa gabay upang matukoy ang mga hindi gaanong kapansin-pansing elemento.
4 - 6	Lumilinang / Developing	Batayang pag-unawa sa mga bahagi ng banghay; natutukoy lamang ang mga pinakamalinaw na elemento ngunit nalilito sa iba pang bahagi; nangangailangan pa ng suporta.
0 – 3	Nagsisimula / Beginning	Limitadong pag-unawa; nahihirapang makilala at matukoy nang wasto ang mga bahagi ng banghay; nangangailangan ng patuloy na paggabay at mas maraming pagsasanay.

Talahanayan 2. Pagpapakahulugan sa Iskor: Wastong Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari (Pinakamataas = 15)

Range of Raw Scores	Deskripsiyon ng Kahusayan	Pagpapakahulugan
13 - 15	Napakahusay / Highly Proficient	Lubos na tumpak na naisasunod ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari mula simula hanggang wakas; malinaw na nauunawaan ang lohikal na daloy ng kuwento.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Range of Raw Scores	Deskripsiyon ng Kahusayan	Pagpapakahulugan
10 - 12	Mahusay / Proficient	Tumpak na naisasunod ang halos lahat ng pagkakasunod-sunod; napakabihira lamang ng pagkakamali sa pagkakaayos ng mga pangyayari.
7 - 9	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency	Naisasunod ang karamihan sa pagkakasunod-sunod; may kaunting pagkalito lamang sa ilang bahagi ngunit kayang itama nang may kaunting gabay lamang.
4 - 6	Lumilinang / Developing	Batayang pag-unawa sa daloy ng kuwento; bahagya lamang na naisasunod ang tamang pagkakasunod-sunod; nangangailangan pa ng karagdagang suporta at pagsasanay.
0 – 3	Nagsisimula / Beginning	Limitadong pag-unawa; nahihirapang matukoy at maisunod ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari; nangangailangan ng masusing paggabay.

Talahanayan 3. Pagpapakahulugan sa Iskor: Pag-uugnay ng mga Pangyayari sa Isa't Isa (Pinakamataas = 15)

Range of Raw Scores	Deskripsiyon ng Kahusayan	Pagpapakahulugan
13 - 15	Napakahusay / Highly Proficient	Lubos na malinaw na naipapaliwanag ang ugnayan, sanhi at bunga, at kaugnayan ng bawat pangyayari sa kabuuang daloy at mensahe ng nobela; may malalim na pag-unawa.
10 - 12	Mahusay / Proficient	Malinaw na naipapaliwanag ang ugnayan ng halos lahat ng pangyayari; napakabihira lamang ng kakulangan sa pagpapaliwanag ng mas malalim na kaugnayan.
7 - 9	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency	Naiuugnay ang karamihan sa mga pangyayari; may kaunting pangangailangan lamang sa gabay upang lubos na maipaliwanag ang mas malalim na ugnayan.
4 - 6	Lumilinang / Developing	Batayang pag-unawa sa ugnayan ng mga pangyayari; bahagya lamang na nauunawaan ang kaugnayan; nangangailangan pa ng suporta upang makabuo ng malinaw na pagpapaliwanag.
0 – 3	Nagsisimula / Beginning	Limitadong pag-unawa; nahihirapang iugnay ang mga pangyayari at matukoy ang kanilang kaugnayan sa kabuuan ng kuwento; nangangailangan ng masusing paggabay.

Ang limang-puntong iskala ay inilalahad sa Talahanayan 4 ayon sa orihinal na instrumento. May pagkakaiba ang mga label dito at ang mga label ng pagsang-ayon sa mga talahanayan ng resulta; pinanatili ang dalawang bersiyon upang hindi hulaan ang aktuwal na ipinagamit na iskala.

Talahanayan 4. Pamamaraan ng Pagmamarka sa Iskala ng Pagtugon

Iskor	Saklaw ng Katamtamang Iskor	Paglalarawan sa Pagtugon	Katumbas na Kahulugan
5	4.21 – 5.00	Napakahusay / Highly Proficient	Ang pahayag ay laging totoo at lubos na nakadarama ng ganitong karanasan sa paggamit ng Pamamaraang Story Grammar.
4	3.41 – 4.20	Mahusay / Proficient	Ang pahayag ay madalas na totoo at nakadarama ng ganitong karanasan.

Iskor	Saklaw ng Katamtamang Iskor	Paglalarawan sa Pagtugon	Katumbas na Kahulugan
3	2.61 – 3.40	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency	Walang tiyak na opinyon o minsan lamang nararanasan ang nakasaad.
2	1.81 – 2.60	Lumilinang / Developing	Bihirang totoo at bihirang maramdaman ang nakasaad na karanasan.
1	1.00 – 1.80	Nagsisimula / Beginning	Hindi kailanman totoo at hindi nararanasan ang nakasaad.

Ginamit ang frequency at percentage sa pamamahagi ng mga iskor; mean, Mean Percentage Score (MPS), at SD sa paglalarawan ng pagganap; at weighted mean sa iskala ng pagtugon. Iniulat ang paired-sample t-test sa paghahambing ng iisang pangkat sa antas na $\alpha = 0.05$. Ang p-value ay batayan ng estadistikal na paghahambing, hindi katibayan na ang estratehiya lamang ang sanhi ng pagbabago. Ang pangkalahatang mean sa tatlong pantay na 15-aytem na kompetensi ay hindi kabuuang raw score sa 45 aytem.

Sa mga talahanayan ng pananaw, ang average ng mga ipinakitang item SD ay inilalabel nang hiwalay sa pangkalahatang mean. Hindi ito composite-score SD. Hindi muling kinalkula ang t-test, reliability, o composite SD dahil walang respondent-level na datos.

Katuturan ng mga Katawagan

Budget of Work (BOW). Ang opisyal na listahan ng mga kompetensi at paksang dapat matutunan at maituro sa asignaturang Filipino 10 sa loob ng Unang Termino, na nagsisilbing batayan sa pagbuo ng mga aralin at pagsusulit sa pag-aaral na ito.

Kumbensyonal na Pamamaraan. Ang nakagawiang paraan ng pagtuturo na karaniwang nakatuon sa pagbabasa ng kabanata at pagpapaliwanag ng guro, na nagsisilbing batayan sa paghahambing ng paunang antas ng pagganap ng mga mag-aaral.

Lesson Exemplar. Ang balangkas ng banghay-aralin na bubuoin batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, na naglalaman ng mga hakbang sa paggamit ng Pamamaraang Story Grammar sa pagtuturo ng panitikan.

Nahihinuha. Tumutukoy sa nauunawaan, saloobin, o nabuong ideya ng mga respondante matapos gamitin ang tinukoy na pamamaraan ayon sa:

Kawilihan sa Pagkatuto. Tumutukoy sa antas ng interes, kasiyahan, at pagkukusa ng mga mag-aaral na makilahok at mag-aral ng mga aralin tungkol sa El Filibusterismo matapos gamitin ang Pamamaraang Story Grammar.

Tiwala sa Sarili . Tumutukoy sa antas ng kumpyansa ng mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang pagkaunawa, magsagot sa mga tanong, at makilahok sa talakayan tungkol sa El Filibusterismo matapos gamitin ang nasabing pamamaraan.

Pagganap. Tumutukoy sa nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa paunang at huling pagsusulit batay sa kanilang kakayahang kilalanin ang mga bahagi ng banghay, ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at ipaliwanag ang ugnayan ng mga ito.

Pamamaraang Story Grammar. Ang estrukturadong estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa pagtukoy at pag-unawa sa mga bahagi at istruktura ng salaysay, na ginamit bilang interbensyon upang mapabuti ang kasanayan sa pagsusuri ng banghay ng mga mag-aaral.

Mga Resulta at Talakayan

Inilalahad ang mga iskor ng 38 kalahok at ang kanilang tugon sa paggamit ng Story Grammar. Pinanatili ang mga naiulat na frequency, mean, MPS, SD, at t-value. May mga hindi pagtutugmang nangangailangan ng raw data; hindi itinuturing na ganap na napatunayan ang magkakasalungat na estadistika.

Paunang Pagtataya: Pagkilala sa Banghay

Talahanayan 5. Pagkilala sa mga Bahagi ng Banghay Gamit ang Tradisyunal o Kumbensyonal na Pamamaraan sa Pagtuturo

Score	Frequency	Percentage	Level
13 - 15	7	18.42	Napakahusay / Highly Proficient

Score	Frequency	Percentage	Level
10 - 12	10	26.32	Mahusay / Proficient
7 - 9	14	36.84	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency
4 - 6	7	18.42	Lumilinang / Developing
0 – 3	0	0.00	Nagsisimula / Beginning
Total	38	100.00	
Mean Raw Score	10.39		
Mean Percentage Score	69.30		
Standard Deviation	1.980		

Ang paunang pagtataya ay nagpakita na sa pagkilala sa mga bahagi ng banghay, 7 sa 38 mag-aaral (18.42%) ang nakamit ang antas na Napakahusay, 10 (26.32%) ang Mahusay, at karamihan 14 o 36.84% ay nasa antas na Malapit sa Katutubong Kahusayan. Pito (18.42%) ang Lumilinang, habang walang nakakuha sa antas na Nagsisimula. Ang nakuhang Mean Percentage Score ay 69.30%, na nagpapahiwatig na bago ang interbensyon, marami pa ring mag-aaral ang hindi lubusang nakakakilala sa iba't ibang bahagi ng banghay ng kuwento.
Tala. Hindi tumutugma ang naiulat na mean sa posibleng saklaw ng mean mula sa mga frequency at score intervals. Pinanatili ang orihinal na mga bilang; kailangan ang raw scores bago matukoy ang wastong mean o frequency.

Paunang Pagtataya: Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari

Talahanayan 6. Pagtukoy sa Wastong Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari Gamit ang Tradisyunal o Kumbensyonal na Pamamaraan sa Pagtuturo

Score	Frequency	Percentage	Level
13 - 15	3	7.89	Napakahusay / Highly Proficient
10 - 12	9	23.68	Mahusay / Proficient
7 - 9	11	28.95	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency
4 - 6	12	31.58	Lumilinang / Developing
0 – 3	3	7.89	Nagsisimula / Beginning
Total	38	100.00	
Mean Raw Score	9.21		
Mean Percentage Score	61.40		
Standard Deviation	2.256		

Sa pagtukoy ng wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, 3 lamang (7.89%) ang Napakahusay, 9 (23.68%) ang Mahusay, at 11 (28.95%) ang Malapit sa Katutubong Kahusayan. Labindalawa (31.58%) ang Lumilinang at 3 (7.89%) ang Nagsisimula. Ang Mean Percentage Score ay 61.40%, na siyang pinakamababa sa tatlong kompetensya.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Ipinapakita nito na ang pag-aayos ng mga pangyayari ang pinakamahirap na aspeto ng pag-unawa para sa mga mag-aaral bago ang interbensyon.
Tala. Hindi tumutugma ang naiulat na mean sa posibleng saklaw ng mean mula sa mga frequency at score intervals. Pinanatili ang orihinal na mga bilang; kailangan ang raw scores bago matukoy ang wastong mean o frequency.

Paunang Pagtataya: Pag-uugnay ng mga Pangyayari

Talahanayan 7. Pag-uugnay ng mga Pangyayari sa Isa't isa Gamit ang Tradisyunal o Kumbensyonal na Pamamaraan sa Pagtuturo

Score	Frequency	Percentage	Level
13 - 15	3	7.89	Napakahusay / Highly Proficient
10 - 12	16	42.11	Mahusay / Proficient
7 - 9	13	34.21	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency
4 - 6	6	15.79	Lumilinang / Developing
0 – 3	0	0.00	Nagsisimula / Beginning
Total	38	100.00	
Mean Raw Score	10.26		
Mean Percentage Score	68.42		
Standard Deviation	1.67		

Sa pag-uugnay ng mga pangyayari sa isa't isa, 3 (7.89%) ang Napakahusay, 16 (42.11%) ang Mahusay, at 13 (34.21%) ang Malapit sa Katutubong Kahusayan. Anim (15.79%) ang Lumilinang at walang nasa antas na Nagsisimula. Ang Mean Percentage Score ay 68.42%, mas mataas kaysa sa pagkakasunod-sunod ngunit mas mababa kaysa sa pagkilala sa banghay. Ipinapahiwatig nito na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral na makita ang ilang ugnayan, hindi pa ito sapat at kailangan pa ring mapahusay.

Panghuling Pagtataya: Pagkilala sa Banghay

Talahanayan 8. Pagkilala sa mga Bahagi ng Banghay Pagkatapos Gamitin ang Pamamaraang Story Grammar sa Pagtuturo

Score	Frequency	Percentage	Level
13 - 15	32	84.21	Napakahusay / Highly Proficient
10 - 12	6	15.79	Mahusay / Proficient
7 - 9	0	0.00	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency
4 - 6	0	0.00	Lumilinang / Developing
0 – 3	0	0.00	Nagsisimula / Beginning
Total	38	100.00	
Mean Raw Score	13.63		

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Score	Frequency	Percentage	Level
Mean Percentage Score	90.88		
Standard Deviation	1.05		

Sa posttest, 32 sa 38 mag-aaral (84.21%) ang nasa Napakahusay at 6 (15.79%) ang nasa Mahusay. Walang nasa mas mababang kategorya. Ang naiulat na MPS ay mula 69.30% tungong 90.88%, o pagkakaibang 21.58 percentage points. Ang posttest SD na 1.05 ay naglalarawan ng pagkakaiba-iba ng panghuling iskor; hindi nito pinatutunayang pantay-pantay ang pag-unlad ng bawat mag-aaral.

Panghuling Pagtataya: Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari

Talahanayan 9. Pagtukoy sa Wastong Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari Pagkatapos Gamitin ang Pamamaraang Story Grammar sa Pagtuturo

Score	Frequency	Percentage	Level
13 - 15	28	73.68	Napakahusay / Highly Proficient
10 - 12	10	26.32	Mahusay / Proficient
7 - 9	0	0.00	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency
4 - 6	0	0.00	Lumilinang / Developing
0 – 3	0	0.00	Nagsisimula / Beginning
Total	38	100.00	
Mean Raw Score	13.26		
Mean Percentage Score	88.42		
Standard Deviation	1.21		

Sa posttest, 28 sa 38 mag-aaral (73.68%) ang nasa Napakahusay at 10 (26.32%) ang nasa Mahusay. Walang nasa mas mababang kategorya. Ang naiulat na MPS ay mula 61.40% tungong 88.42%, o pagkakaibang 27.02 percentage points. Ang posttest SD na 1.21 ay naglalarawan ng pagkakaiba-iba ng panghuling iskor; hindi nito pinatutunayang pantay-pantay ang pag-unlad ng bawat mag-aaral.

Panghuling Pagtataya: Pag-uugnay ng mga Pangyayari

Talahanayan 10. Pag-uugnay ng mga Pangyayari sa Isa't isa Pagkatapos Gamitin ang Pamamaraang Story Grammar sa Pagtuturo

Score	Frequency	Percentage	Level
13 - 15	33	86.84	Napakahusay / Highly Proficient
10 - 12	5	13.16	Mahusay / Proficient
7 - 9	0	0.00	Malapit sa Katutubong Kahusayan / Approaching Proficiency
4 - 6	0	0.00	Lumilinang / Developing
0 – 3	0	0.00	Nagsisimula / Beginning

Score	Frequency	Percentage	Level
Total	38	100.00	
Mean Raw Score	13.74		
Mean Percentage Score	91.58		
Standard Deviation	1.03		

Sa posttest, 33 sa 38 mag-aaral (86.84%) ang nasa Napakahusay at 5 (13.16%) ang nasa Mahusay. Walang nasa mas mababang kategorya. Ang naiulat na MPS ay mula 68.42% tungong 91.58%, o pagkakaibang 23.16 percentage points. Ang posttest SD na 1.03 ay naglalarawan ng pagkakaiba-iba ng panghuling iskor; hindi nito pinatutunayang pantay-pantay ang pag-unlad ng bawat mag-aaral.

Tala sa paunang pag-uugnay. Ang mean na 10.26 ay nasa dulo ng posibleng saklaw batay sa mga frequency, ngunit hindi kaayon ng mga ito ang iniulat na SD na 1.67. Hindi binago ang mga halaga nang walang raw data.

Pagkakaiba ng Pretest at Posttest

Talahanayan 11A. Paghahambing ng mga Mean

Indicators	Mean (Pre-test)	Mean (Post-test)	Mean Difference
Pagkilala sa mga bahagi ng banghay	10.39	13.63	3.24
Pagtukoy sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	9.21	13.26	4.05
Pag-uugnay ng mga pangyayari sa isa't isa	10.26	13.74	3.47
Overall Weighted Mean	9.95	13.54	3.59

Talahanayan 11B. Kaugnay na t-Test, Desisyon, at Interpretasyon (karugtong ng 11A)

Indicators	t-value	p-value	Decision	Interpretation
Pagkilala sa mga bahagi ng banghay	8.48	<0.001	Reject H_0	There is a significant difference
Pagtukoy sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	11.27	<0.001	Reject H_0	There is a significant difference
Pag-uugnay ng mga pangyayari sa isa't isa	11.19	<0.001	Reject H_0	There is a significant difference
Overall Weighted Mean	10.31	<0.001	Reject H_0	There is a significant difference

Sa naiulat na pagsusuri, tumaas ang pangkalahatang mean mula 9.95 tungong 13.54, na may mean difference na 3.59. Ang mga t-value ay 8.48, 11.27, at 11.19 sa mga kompetensi, at 10.31 sa pangkalahatang paghahambing; lahat ay may naiulat na $p < .001$. Ang mga p-value ay matematikal na kaayon ng mga t-value kung 38 pares at $df = 37$ ang ginamit, ngunit hindi ito muling pagsusuri ng respondent-level na datos.

Tala. Ang 3.47 sa pag-uugnay ay hindi katumbas ng $13.74 - 10.26 = 3.48$ batay sa mga ipinakitang rounded means; maaari itong may ibang rounding o underlying values. Hindi ito binago nang walang raw data. Ang 65.37% na pangkalahatang paunang MPS sa abstrak at buod ay hindi rin kaayon ng average ng tatlong ipinakitang MPS (66.37%). Hindi binago ang protektadong abstrak.

Sa kabila ng naiulat na makabuluhang pagkakaiba, hindi maihihiwalay ng iisang pangkat na disenyo ang posibleng impluwensiya ng pag-uulit ng pagsusulit, oras, at iba pang karanasan. Samakatuwid, ang mga resulta ay inilalarawan

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

bilang pagbabago pagkatapos ng interbensiyon, hindi patunay ng nag-iisang sanhi. Kailangan ding pagtugmain muna ang mga frequency at mean bago pagtibayin ang interpretasyon.

Kawilihan sa Pagkatuto

Talahanayan 12. Nahihinuhang Epekto ng Story Grammar: Kawilihan sa Pagkatuto

Indicators	WM	SD	VD
1. Naging mas kawili-wili ang pag-aaral ko ng El Filibusterismo dahil sa paggamit ng Pamamaraang Story Grammar.	4.18	0.56	S
2. Mas nasiyahan akong makilahok sa talakayan tungkol sa mga kabanata ng nobela.	4.21	0.61	LS
3. Nakadagdag ang pagtukoy sa istruktura ng kuwento sa aking interes sa aralin.	4.18	0.64	S
4. Mas naging aktibo ako sa mga gawaing may kaugnayan sa pagsusuri ng banghay.	4.21	0.52	LS
5. Nagkaroon ako ng higit na motibasyon na pag-aralan ang iba pang akda ni Dr. Jose Rizal.	4.03	0.74	S
6. Mas naging madali para sa akin ang pag-unawa sa daloy ng mga pangyayari sa nobela.	4.05	0.51	S
7. Nasiyahan akong gamitin ang pagtukoy sa mga bahagi ng kuwento habang pinag-aaralan ang akda.	4.11	0.75	S
8. Mas naging makabuluhan ang aking karanasan sa pag-aaral ng panitikan.	4.11	0.50	S
9. Nais kong gamitin muli ang Pamamaraang Story Grammar sa susunod na mga aralin.	4.13	0.69	S
10. Sa kabuuan, naging kasiya-siya ang aking pagkatuto ng El Filibusterismo gamit ang nasabing pamamaraan.	4.11	0.68	S
Overall	4.13		S
Average ng mga ipinakitang item SD		0.62	

Legend: 4.21-5.00 Lubos na Sumasang ayon (LS); 3.41-4.20 Sumasang ayon (S); 2.61-3.40 Bahagyang Sumasang-ayon (BS); 1.81-2.60 Hindi Sumasang ayon (HS); 1.00-1.80 Lubos na Hindi Sumasang ayon (LHS)
Tala. Ang label na “Average ng mga ipinakitang item SD” ay tumutukoy sa simpleng average ng mga item SD, hindi sa SD ng composite scores. Ang VD ay para sa mean; wala itong interpretasyon para sa SD.
Ang pangkalahatang WM ay 4.13 o Sumasang-ayon. Pinakamataas ang aytem 2 at 4 (4.21, LS), hinggil sa kasiyahang makilahok at pagiging aktibo sa pagsusuri ng banghay. Pinakamababa ang aytem 5 (4.03, S), hinggil sa motibasyong pag-aralan ang iba pang akda ni Rizal. Ipinakikita nito ang positibong pagtataya ng mga kalahok sa kanilang karanasan; hindi ito hiwalay na pretest–posttest ng interes.

Tiwala sa Sarili sa Pagtalakay ng Aralin

Talahanayan 13. Nahihinuhang Epekto ng Story Grammar: Tiwala sa Sarili sa Pagtalakay ng Aralin

Indicators	WM	SD	VD
1. Mas may kumpyansa akong tukuyin ang mga bahagi ng banghay ng kuwento.	4.18	0.68	S

Indicators	WM	SD	VD
2. Mas madali kong naipapaliwanag ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.	4.05	0.69	S
3. Natutulungan ako ng pamamaraang ito na ipaliwanag ang ugnayan ng mga pangyayari at tauhan.	4.03	0.84	S
4. Mas handa akong magpahayag ng aking sariling pananaw tungkol sa akda sa klase.	4.26	0.55	LS
5. Mas nauunawaan ko ang mensahe at kaisipang nais iparating ng nobela.	4.16	0.67	S
6. Nakakapagbigay ako ng sariling halimbawa batay sa mga pangyayaring tinalakay.	4.0	0.92	S
7. Nakatutulong ang pamamaraan upang masagot ko nang tama ang mga tanong tungkol sa kuwento.	4.05	0.72	S
8. Mas nakikilahok ako nang buong puso sa mga talakayan at gawaing pangklase.	4.05	0.60	S
9. Mas tiwala ako sa aking kakayahang magsuri ng iba pang akdang pampanitikan.	4.18	0.56	S
10. Nakatutulong ang Pamamaraang Story Grammar upang magkaroon ako ng mas matibay na tiwala sa sarili sa pagtalakay ng panitikan.	4.0	0.86	S
Overall	4.1		S
Average ng mga ipinakitang item SD		0.71	

Legend: 4.21-5.00 Lubos na Sumasang ayon (LS); 3.41-4.20 Sumasang ayon (S); 2.61-3.40 Bahagyang Sumasang-ayon (BS); 1.81-2.60 Hindi Sumasang ayon (HS); 1.00-1.80 Lubos na Hindi Sumasang ayon (LHS)
Tala. Ang label na “Average ng mga ipinakitang item SD” ay tumutukoy sa simpleng average ng mga item SD, hindi sa SD ng composite scores. Ang VD ay para sa mean; wala itong interpretasyon para sa SD.
Ang pangkalahatang WM ay 4.10 o Sumasang-ayon. Pinakamataas ang aytem 4 (4.26, LS), tungkol sa kahandaang magpahayag ng sariling pananaw sa klase. Pinakamababa ang aytem 6 at 10 (4.00, S), tungkol sa sariling halimbawa at mas matibay na tiwala sa sarili. Ang positibong pagsang-ayon ay sariling ulat ng mga kalahok; hindi nito sinusukat nang hiwalay ang pagbabago sa tiwala sa sarili mula bago ang interbensiyon.

Pagpapakahulugan at mga Limitasyon

Maaaring iugnay sa teoretikal na balangkas ang sistematikong pagmamapa ng mga bahagi ng kuwento. Ang pagtukoy sa elemento ay kaugnay ng iskema; ang pag-aayos ng pangyayari ay kaugnay ng organisadong pagproseso; at ang berbal-biswal na paglalahad ay kaugnay ng Dual Coding Theory. Hindi direktang sinukat ang cognitive load, schema formation, o pangmatagalang pagkatuto, kaya nananatiling teoretikal ang mga paliwanag na ito.
Iniuugnay ng talakayan sa manuskripto ang mga resulta sa mga pag-aaral nina Villarta-Mendoza et al. (2025), FitzPatrick et al. (2026), Indiongco et al. (2025), Madrid et al. (2025), Dela Cruz at Santos (2021), at Walang Segundo (2025). Magkakaiba ang kanilang konteksto at disenyo; hindi pamalit ang mga paghahambing na ito sa pagtiyak ng kasalukuyang raw data. Binanggit din ang Self-Determination Theory sa talakayan ng kawilihan, ngunit walang kaukulang kumpletong sanggunian sa ibinigay na listahan.
Dapat isaalang-alang ang purposive na pagpili sa ARAL learners, kawalan ng control group, muling paggamit ng parehong pagsusulit, mga hindi tugmang paglalarawan ng instrumento, at kawalan ng kumpletong validation at reliability results. Ang mga limitasyong ito, kasama ng hindi nagtutugmang estadistika, ay nagpapakitang kailangan pang kumpirmahin ang ilang pahayag bago gawing batayan ng mas malawak na paglalahat.

Awtput ng Pag-aaral

Batay sa mga naiulat na resulta, ang pagtukoy sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ang may pinakamababang paunang MPS at pinakamalaking naiulat na pagkakaiba. Ito ang isa sa mga batayan ng mga gawaing

pagmamarka ng banghay, pag-aayos ng pangyayari, at pagpapaliwanag ng sanhi at bunga sa mungkahing Lesson Exemplar.

Inilalahad ang kumpletong mungkahing output para sa Kabanata 7, 10, at 35 ng El Filibusterismo. Isinasaalang-alang nito ang positibong pananaw ng mga kalahok sa kawilihan at tiwala sa sarili, ngunit hindi itinuturing ang mga inaasahang bunga bilang hiwalay na nasukat na tagumpay ng output. Ang mga tala sa iskedyul at oras ay pinananatili kung hindi matiyak ang wastong bersiyon mula sa source.

LESSON EXEMPLAR SA PAGTUTURO NG MGA PILING KABANATA NG EL FILIBUSTERISMO GAMIT ANG PAMAMARAANG STORY GRAMMAR

Rasyonal

Ang nobelang El Filibusterismo ay isa sa pinakamahalagang akdang pampanitikan na kailangang pag-aralan ng mga mag-aaral sa Filipino 10, ngunit madalas na nahihirapan ang mga mag-aaral na sundan ang daloy ng kuwento, matukoy ang ugnayan ng mga pangyayari, at maunawaan ang malalim na mensahe nito dahil sa pagiging kumplikado ng balangkas at maraming tauhan at kaganapan. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nagkaroon ng lubos na makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Pamamaraang Story Grammar lalo na sa aspetong pinakamahirap noong una, ang pagtukoy sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Ipinahihiwatig ng resulta na makatutulong ang pamamaraang ito sa pagbibigay ng malinaw na istruktura at gabay na nag-aayos ng impormasyon sa isip ng mga mag-aaral, na nagpapadali sa kanilang pagkilala sa banghay, pag-aayos ng mga kaganapan, at pag-uugnay ng mga ito sa isa't isa. Bukod pa rito, positibo ang naiulat na pananaw ng mga kalahok tungkol sa kawilihan sa pagkatuto at tiwala sa sarili sa pagtalakay ng aralin.

Binuo ang mungkahing Lesson Exemplar bilang praktikal na gabay sa mga guro sa pagtuturo ng mga piling kabanata ng El Filibusterismo gamit ang Pamamaraang Story Grammar. Layunin nitong magbigay ng mga sistematikong gawaing makatutulong sa mga mag-aaral na makilala ang mga bahagi ng banghay, masundan ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at maunawaan ang ugnayan ng mga kaganapan at tauhan sa nobela na lahat ay naglalayong palalimin ang kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa akda.

Mga Layunin

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

Natutukoy nang wasto ang mga bahagi ng banghay ng kuwento simula, tunggalian, kasukdulan, kakalasan, at wakas mula sa mga piling kabanata ng El Filibusterismo;

Naiuugnay ang mga pangyayari batay sa wastong pagkakasunod-sunod upang maipaliwanag ang sanhi at bunga ng mga kaganapan sa nobela; at

Napahahalagahan ang paggamit ng malinaw na balangkas bilang mabisang paraan upang mas malalim na maunawaan at masuri ang akdang pampanitikan, na nagpapataas ng kanilang kumpyansa at kawilihan sa pag-aaral ng panitikan.

Iskema ng Pagpapatupad

Inilalahad sa bahaging ito ang Iskema ng Pagpapatupad na magsisilbing batayan at gabay ng mga guro sa mabisang paggamit ng mungkahing Lesson Exemplar na nakabatay sa Pamamaraang Story Grammar. Ipinapakita sa sumusunod na talahanayan ang sistematikong daloy ng animnapung (60) minutong pagtalakay, kung saan nakadetalye ang mga tiyak na layunin, estratehiya, gawaing pampagkatuto, mga taong kasangkot, inilaang panahon, mga kagamitan, at ang inaasahang aktwal na matatamo sa bawat yugto ng aralin.

Ang mungkahing aralin ay magsisimula sa sampung minutong panimulang gawain, kung saan magpapakita ang guro ng mapa, larawan, at maikling konteksto hinggil sa kaligirang pangkasaysayan kung kailan isinulat ang nobela at ang mga pangunahing tauhan at kaganapan na tatalakayin. Layunin nitong magbigay ng malinaw na panimula at pukawin ang interes ng mga mag-aaral bago basahin ang mga kabanata. Susundan ito ng pagtuturo ng konsepto ng Story Grammar ang mga bahagi ng banghay sa loob ng sampung minuto, kung saan ipapaliwanag ng guro ang bawat bahagi at magbibigay ng halimbawa upang magkaroon ang mga mag-aaral ng malinaw na gabay na susundan.

Ang susunod na dalawampung minuto ay ilalaan sa pagbabasa at sabayang pagsusuri ng mga kabanata gamit ang ibinigay na balangkas. Habang nagbabasa, tutukuyin ng mga mag-aaral kung saang bahagi ng banghay nabibilang ang bawat bahagi ng kabanata at ilalagay nila ito sa ibinigay na balangkas. Kasunod nito ay dalawampung minutong gawaing pampagkatuto kung saan magtatrabaho sila nang pangkat upang ayusin ang mga ginulong pangyayari, tukuyin ang ugnayan ng mga kaganapan, at ipaliwanag ang daloy ng kuwento. Sa huling sampung minuto, magbabahagi ang bawat pangkat ng kanilang gawa at magbubuod ang guro sa kahalagahan ng paggamit ng balangkas sa mas malalim na pag-unawa sa akda

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Tala sa iskedyul. Ang limang yugto sa ibinigay na iskema ay may 10 + 10 + 20 + 20 + 10 = 70 minuto, samantalang 60 minuto ang nakasaad sa paglalarawan. Pinanatili ang mga inilaang oras habang hinihintay ang kumpirmasyon. Ang kolum na "Aktwal na Natamo" ay pinanatili bilang bahagi ng supplied output; ang mga pahayag dito ay hindi hiwalay na napatunayang accomplishment report.

Talahanayan 14A. Iskema ng Pagpapatupad

Blg.	Layunin	Estratehiya	Gawain
1	Maitakda ang kaligiran at pukawin ang interes ng mga mag-aaral sa tatalakaying kabanata ng nobela.	Pagbabahagi ng konteksto at interaktibong pagtatanong.	Panimulang Gawain: Pagbabahagi ng kaligirang pangkasaysayan, pagkilala sa mga pangunahing tauhan, at pagtatanong ng mga gabay na tanong upang iugnay ang kanilang inaasahan sa kuwento.
2	Maipaliwanag nang malinaw ang konsepto ng Story Grammar at ang mga bahagi ng banghay ng kuwento.	Tahasang pagtuturo at biswal na paglalahad ng balangkas.	Paglalahad ng Konsepto: Pagpapaliwanag ng bawat bahagi ng banghay — simula, tunggalian, kasukdulan, kakalasan, wakas — gamit ang biswal na balangkas at simpleng halimbawa.
3	Matukoy ang mga bahagi ng banghay habang binabasa ang kabanata at maitala ang mga mahahalagang pangyayari sa tamang bahagi.	Gabay na pagbasa at sabayang pagtukoy gamit ang balangkas.	Pagbabasa at Pagsusuri: Sabayang pagbasa ng mga piling kabanata; habang nagbabasa, itinatala ng mga mag-aaral ang mahahalagang pangyayari sa kaukulang bahagi ng balangkas na ibinigay.
4	Masuri ang wastong pagkakasunod-sunod at ugnayan ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pangkat.	Pangkatang gawain - pag-aayos ng mga pangyayari at pagpapaliwanag ng ugnayan nito.	Gawaing Pampagkatuto: Pangkatang gawain 1) Pag-aayos ng ginulong mga pangyayari ayon sa tamang daloy; 2) Pagpapaliwanag kung paano nauugnay ang isang pangyayari sa susunod; 3) Pagkumpleto sa balangkas ng kuwento batay sa nabasang kabanata.
5	Masukat ang pag-unawa sa banghay at masuri ang naging karanasan sa paggamit ng pamamaraan.	Pagbabahagi, pagbubuod, at pormatibong pagtatasa.	Pagbabahagi at Pagbubuod: Pagbabahagi ng gawa ng bawat pangkat; pagtugon ng guro sa mga maling pagkaunawa; pagbubuod sa kahalagahan ng paggamit ng balangkas; at pagsagot sa maikling pagsusulit at pagninilay.

Talahanayan 14B. Iskema ng Pagpapatupad (kaugnay na mga yugto ng 14A)

Blg.	Taong Kasangkot	Panahon	Kagamitan	Aktwal na Natamo
1	Guro at mga Mag-aaral	10 minuto	Mapa, larawan ng may-akda at panahon, talatanungan sa pag-asa	Naitakda ang konteksto at napukaw ang interes ng mga mag-aaral bago basahin ang akda.
2	Guro at mga Mag-aaral	10 minuto	Tsart/Diagram ng Banghay ng Kuwento, mga kahulugan at halimbawa	Malinaw na nauunawaan ng mga mag-aaral ang bawat bahagi ng banghay at kung paano ito ginagamit bilang gabay sa pagbabasa.

Blg.	Taong Kasangkot	Panahon	Kagamitan	Aktwal na Natamo
3	Guro at mga Mag-aaral	20 minuto	Sipi ng kabanata, kopya ng Balangkas ng Kuwento, panulat	Natukoy at naitala nang wasto ang mga mahahalagang pangyayari sa tamang bahagi ng banghay habang binabasa ang akda.
4	Mga Mag-aaral	20 minuto	Mga kard ng pangyayari, Balangkas ng Kuwento Worksheet, gabay na mga tanong	Naayos nang tama ang daloy ng kuwento at naipaliwanag ng mga mag-aaral ang ugnayan ng mga pangyayari batay sa balangkas.
5	Guro at mga Mag-aaral	10 minuto	Pagsusulit sa Banghay ng Kuwento, talatanungan sa pagninilay	Matagumpay na naipamalas ang pag-unawa sa banghay at naipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang karanasan sa paggamit ng pamamaraan.

Mungkahing Lesson Exemplar

BANGHAY-ARALIN 1: KABANATA 7 – "SI SIMOUN"

Pangalan ng Banghay-Aralin: Pagsusuri ng Banghay, Pagkakasunod-sunod, at Ugnayan ng mga Pangyayari sa Kabanata 7: "Si Simoun" gamit ang Pamamaraang Story Grammar
Asignatura/Termino/Linggo/Araw: FILIPINO 10 / TERMINO 1 / LINGGO 4 / ARAW 1
Mga Sanggunian:
Balagtas, J. P. & Rizal, J. (2013). El Filibusterismo. C&E Publishing.
Kabanata 7: "Si Simoun" - mga sipi at gabay sa pagtukoy ng banghay.
Balangkas ng Kuwento Worksheet (Simula → Tunggalian → Kasukdulan → Kakalasan → Wakas)

Intensiyon

Kasanayang Pampakatuto:
Natutukoy ang mga bahagi ng banghay; nasusunod ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari; at naipapaliwanag ang ugnayan ng mga pangyayari sa isa't isa batay sa binasang kabanata ng nobela.
Layuning Pampagkatuto:
Kaalaman: Natutukoy ang limang bahagi ng banghay at nailalahad ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan sa Kabanata 7.
Kasanayan: Naiuugnay ang sanhi at bunga ng mga kilos at desisyon ni Simoun sa mga pangyayari sa kabanata gamit ang balangkas ng kuwento.
Kaasalan: Masigasig na nakikilahok sa pangkatang gawain at may paggalang sa ibang kaisipan habang pinag-uusapan ang mga tauhan.
Pagpapahalaga: Napahahalagahan ang pag-unawa sa motibo at layunin ng mga tauhan upang lubos na maunawaan ang mensahe ng nobela.
Konteksto ng Mag-aaral:
Batay sa resulta ng pananaliksik, ang mga mag-aaral ay nasa antas na "Lumilinang" lalo na sa pagtukoy ng pagkakasunod-sunod at ugnayan ng mga pangyayari kapag walang malinaw na gabay. Madalas silang nalilito kung alin ang nauna at paano nauugnay ang isang pangyayari sa susunod. Kapag ginamit ang Story Grammar na may malinaw na balangkas mas mabilis nilang natutukoy ang bahagi ng banghay at mas nagiging tumpak ang kanilang pag-uugnay ng mga kaganapan.

Daloy ng Karanasan sa Pagkatuto

Panimula ng Aralin
Panalangin at Pagbati: Pangkaraniwang pamamaraan sa pagbubukas ng klase.
Pagtatala ng Liban: Pagtawag sa kalihim ng klase.
Pagbabalik-aral: Ano ang mga bahagi ng banghay ng kuwento? Ano ang ibig sabihin ng bawat isa?
Pagganyak: Larawan-Tanong. Ipapakita ang larawan ni Simoun. Tatanungin: "Sino ang nakatandaan kung sino si Simoun sa ating mga tinalakay na kabanata? Ano ang inyong unang impresyon sa kanya?"

Paglinang ng Aralin

A. Gawain (Activity): Pagbabasa at Pagmamarka ng Banghay

Sabayang pagbasa ng Kabanata 7: "Si Simoun". Habang nagbabasa, gagamit ang mga mag-aaral ng balangkas ng kuwento. Itatala nila sa tamang bahagi ng tsart ang mga mahahalagang pangyayari: sino ang naroroon, ano ang kanilang pinag-usapan, at ano ang naging desisyon ni Simoun.

B. Pagsusuri (Analysis): Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari

Itatanong ng guro:

Sino ang nakausap ni Simoun at saan sila nagkita? Ito ba ay bahagi ng Simula o Tunggalian?

Ano ang hiningi at ipinaliwanag ni Simoun kay Basilio? Aling bahagi ito ng banghay?

Ano ang naging sagot at pasya ni Basilio? Ito ba ang pinakamataas na bahagi ng kuwento o pagkatapos na nito?

C. Paglalahat (Abstraction): Ugnayan ng mga Pangyayari

Ipapakita ang nakumpletong balangkas sa pisara. Tatalakayin kung paano nauugnay ang bawat bahagi kung paano humantong ang pagkakakilala ni Simoun kay Basilio sa pag-aalok ng pakikipagsabwatan, at kung paano ang pagtanggi ni Basilio ay nagtakda ng susunod na magiging kilos ni Simoun.

D. Paglalapat (Application): Sanhi at Bunga Chart

Pangkatang Gawain. Bibigyan ang bawat pangkat ng dalawang hanay Sanhi at Bunga. Isusulat nila kung ano ang sanhi ng paglapit ni Simoun kay Basilio at ano ang naging bunga ng pagtanggi ni Basilio sa alok niya. Iuulat ito sa klase.

Mga Kagamitang Pampagkatuto

Sipi ng Kabanata 7, Balangkas ng Kuwento Worksheet, Sanhi-at-Bunga tsart, pisara at panulat

Alternatibo: Mga kard na may nakasulat na mga pangyayari — pagbukud-bukurin at ayusin ng mga mag-aaral sa pisara

Mga Oportunidad para sa Integrasyon

Edukasyon sa Pagpapakatao: Pagsusuri sa pagpili ng tama laban sa sariling kapakinabangan — ang pasya ni Basilio.

Pagtataya

Pormatibong Pagtataya:

Isulat sa ¼ na papel ang tamang sagot:

Anong bahagi ng banghay ang ipinapakita nang magkita at mag-usap sina Simoun at Basilio?

Ilagay sa tamang pagkakasunod-sunod: (a) Tinanggihan ni Basilio ang alok; (b) Nakita ni Simoun si Basilio; (c) Ipinakilala ni Simoun ang kanyang plano.

Bakit lumapit si Simoun kay Basilio? Ano ang kaugnayan ng kanilang nakaraan sa kanyang paglapit?

Mga Susunod na Hakbang

Takdang-Aralin:

Isulat sa inyong kwaderno kung kayo ba ay sasang-ayon o hindi sa naging pasya ni Basilio. Ipaliwanag sa 3–5 pangungusap kung bakit.

Mga Pagninilay:

BANGHAY-ARALIN 2: KABANATA 10 – "KAYAMANAN AT KARALITAAN"

Pangalan ng Banghay-Aralin: Pagsusuri ng Banghay, Pagkakasunod-sunod, at Ugnayan ng mga Pangyayari sa Kabanata 10: "Kayamanan at Karalitaan" gamit ang Pamamaraang Story Grammar

Asignatura/Termino/Linggo/Araw: FILIPINO 10 / TERMINO 1 / LINGGO 5 / ARAW 1

Mga Sanggunian:

Kabanata 10: "Kayamanan at Karalitaan" -sipi at gabay.

Balangkas ng Kuwento Worksheet; mga larawan ng sitwasyon sa kabanata.

Intensiyon

Kasanayang Pampakatuto:

Natutukoy ang mga bahagi ng banghay; nasusunod ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari; at naipapaliwanag ang ugnayan ng mga pangyayari sa isa’t isa.

Layuning Pampagkatuto:
Kaalaman: Naitutukoy ang pagkakaiba ng kalagayan ng mayayaman at mahihirap sa kabanata batay sa daloy ng kuwento.
Kasanayan: Naiisa-isa ang mga pangyayari ayon sa tamang pagkakasunod-sunod at naipapaliwanag kung paano nakaimpluwensya ang kalagayan ng buhay sa naging desisyon at kalagayan ng mga tauhan.
Kaasalan: Nakapagpapahayag ng damdamin at pananaw nang may paggalang sa opinyon ng iba.
Pagpapahalaga: Napapahalagahan ang pagsusuri sa pagkakaiba ng kalagayan sa lipunan at ang mga epekto nito sa buhay ng tao.
Konteksto ng Mag-aaral:
Nahihirapan ang mga mag-aaral na makita ang ugnayan ng magkakaibang tagpo sa isang kabanata kapag magkasalungat ang sitwasyong inilalarawan. Sa pamamagitan ng Story Grammar, nahahati nang malinaw ang daloy , simula hanggang wakas kaya mas madaling makita kung paano magkakaugnay ang magkabilang panig ng kuwento.

Daloy ng Karanasan sa Pagkatuto

Panimula ng Aralin
Panalangin at Pagbati: Pangkaraniwang pamamaraan.
Pagtatala ng Liban: Pagtawag sa kalihim.
Pagbabalik-aral: Ano ang ibig sabihin ng bawat bahagi ng banghay? Paano natin masasabi na ito na ang kasukdulan?
Pagganyak: Larawan-Paghahambing. Ipapakita ang dalawang larawan isa ng marangyang pamumuhay, isa ng pamumuhay sa hirap. Tatanungin: "Sa tingin ninyo, ano ang mas masaya? Bakit parehong nararanasan ng tao ang kayamanan at karalitaan sa ating lipunan?"
Paglinang ng Aralin
A. Gawain (Activity): Pagbabasa at Pagtatala ng Banghay
Hatian sa pagbabasa ng Kabanata 10. Habang nagbabasa, itatala ng bawat mag-aaral sa ibinigay na balangkas kung sino ang mga tauhan sa bawat bahagi at ano ang kanilang kalagayan sa buhay.
B. Pagsusuri (Analysis): Tamang Pagkakasunod-sunod
Itatanong ng guro:
Sino ang mga tauhang ipinakita sa simula ng kabanata? Ano ang kanilang kalagayan?
Ano ang naganap na pagbabago sa sitwasyon habang umuusad ang kuwento? Alin ang pinakamataas na bahagi ng kuwento?
Paano nagtapos ang mga ipinakitang sitwasyon sa kabanata?
C. Paglalahat (Abstraction): Paano Magkakaugnay ang mga Pangyayari?
Gamit ang nakumpletong balangkas, tatalakayin kung paano ang pagkakaiba ng kalagayan ng mga tauhan ay hindi magkahiwalay na kuwento kundi magkabilang panig ng iisang katotohanan na ipinapakita ng may-akda. Ipinapaliwanag na ang pagkakasunod-sunod ay sadyang inayos upang makita ang kaibahan at magkaugnay na kalagayan ng lipunan.
D. Paglalapat (Application): Daloy ng Kuwento Pag-uugnay
Gawaing Pangkat. Bibigyan ng mga pangyayaring nakagulong. Aayusin nila ito ayon sa tamang pagkakasunod-sunod at magsusulat ng isang pangungusap na nagpapaliwanag kung paano nauugnay ang pangyayari sa nauna at kasunod nito.

Mga Kagamitang Pampagkatuto

Sipi ng kabanata, Balangkas ng Kuwento Worksheet, mga kard ng pangyayari, larawan ng sitwasyon
Alternatibo: Manuscript ng mga pangyayaring isusulat sa pisara at pipiliin ng mga mag-aaral ang tamang pagkakasunod-sunod

Mga Oportunidad para sa Integrasyon

Araling Panlipunan: Pagsusuri sa isyu ng kahirapan at hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan noon at ngayon.

Pagtataya

Pormatibong Pagtataya:
Sagutin ang maikling pagsusulit:
Sa bahaging ito ng banghay, ipinakilala ang magkabilang panig ng lipunan ang mayaman at ang mahirap. Anong bahagi ito ng banghay?

Ayusin nang tama: (a) Ipinakita ang magkaibang kalagayan; (b) Nag-iwan ng aral ang may-akda; (c) Ipinakilala ang mga tauhan.
Bakit magkasabay na inilarawan ng may-akda ang kayamanan at karalitaan? Ano ang ugnayan ng dalawang ito sa mensahe ng kabanata?

Mga Susunod na Hakbang

Takdang-Aralin:
Magsulat ng isang talata tungkol sa isang sitwasyong nakita mo o naranasan na nagpapakita ng pagkakaiba ng kalagayan ng tao. Ano ang iyong naramdaman at natutunan?
Mga Pagninilay:

BANGHAY-ARALIN 3: KABANATA 35 – "ANG PISTA"

Pangalan ng Banghay-Aralin: Pagsusuri ng Banghay, Pagkakasunod-sunod, at Ugnayan ng mga Pangyayari sa Kabanata 35: "Ang Pista" gamit ang Pamamaraang Story Grammar
Asignatura/Termino/Linggo/Araw: FILIPINO 10 / TERMINO 2 / LINGGO 2 / ARAW 1
Mga Sanggunian:
Kabanata 35: "Ang Pista" - sipi at gabay.
Balangkas ng Kuwento Worksheet; tsart ng sanhi-bunga.

Intensiyon

Kasanayang Pampakatuto:
Natutukoy ang mga bahagi ng banghay; nasusunod ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari; at naipapaliwanag ang ugnayan ng mga pangyayari sa isa’t isa.
Layuning Pampagkatuto:
Kaalaman: Naitutukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan mula sa paghahanda hanggang sa pagtatapos ng pista at kung paano ito nauugnay sa mas malaking plano ng kuwento.
Kasanayan: Naipapaliwanag kung paano humantong ang bawat hakbang ng paghahanda at pagdiriwang patungo sa pinakamahalagang kaganapan sa kabanata.
Kaasalan: Nakikilahok nang may pag-iingat at malalim na pag-iisip habang sinusuri ang mga pangyayari at kahihinatnan nito.
Pagpapahalaga: Nauunawaan na ang bawat kilos at paghahanda ay may kahihinatnan - ang pagiging maingat o walang pag-iingat ay may kapalit na epekto sa sarili at sa iba.
Konteksto ng Mag-aaral:
Ang Kabanata 35 ay mahaba at maraming detalye, kaya madalas nawawala ang mga mag-aaral sa daloy ng kuwento - hindi nila makita kung alin ang mahalaga at kung paano nauugnay ang mga paghahanda sa mismong kaganapan. Sa paggamit ng Story Grammar, nahihiwalay ang bawat yugto kaya mas madaling makita ang malinaw na daloy at ugnayan ng mga pangyayari.

Daloy ng Karanasan sa Pagkatuto

Panimula ng Aralin
Panalangin at Pagbati: Pangkaraniwang pamamaraan.
Pagtatala ng Liban: Pagtawag sa kalihim.
Pagbabalik-aral: Ano ang alam ninyo tungkol sa plano ni Simoun? Ano ang kanyang itinatagong layunin?
Pagganyak: Tanong. "Nakaranas na ba kayo ng isang malaking pagdiriwang na naging hindi inaasahan ang wakas? Ano ang nangyari?"
Paglinang ng Aralin
A. Gawain (Activity): Pagbabasa at Pagmamarka ng Daloy
Pangkatang pagbabasa ng mga bahagi ng Kabanata 35. Bawat pangkat ay bibigyan ng bahagi - Paghahanda → Pagdiriwang → Ang Kaganapan → Pagtatapos. Itatala nila sa balangkas ang mahahalagang pangyayari sa kanilang bahagi.
B. Pagsusuri (Analysis): Tamang Pagkakasunod-sunod at Ugnayan
Pagkatapos, pag-uugnayin ang mga bahagi:
Ano ang mga paghahandang ginawa bago ang pista? Ito ba ay bahagi ng Simula o Tunggalian?
Ano ang pinakamahalagang pangyayaring naganap sa gitna ng pista? Ito ba ang Kasukdulan? Bakit?

Ano ang naging kahihinatnan ng kaganapan? Paano nauugnay ang pagiging hindi alam ng mga tao sa totoong plano sa naging resulta?
C. Paglalahat (Abstraction): Paano Magkakaugnay ang Lahat?
Gamit ang kumpletong balangkas sa pisara, ipapakita kung paano ang bawat hakbang mula sa paghahanda hanggang sa mismong kaganapan ay magkakaugnay: kung paano ang pagiging walang kamalay-malay ng mga tao ang dahilan kung bakit halos nagtagumpay ang plano, at kung paano ang pagtuklas sa katotohanan ang nagpabago sa lahat.
D. Paglalapat (Application): Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari
Isusulat ng bawat mag-aaral sa kanilang kwaderno ang tatlong pares: Sanhi → Bunga. Halimbawa: Dahil hindi alam ng mga tao ang tunay na laman ng lampara → nangalap sila malapit dito → nanganganib ang kanilang buhay. Pagkatapos ay ipapaliwanag kung paano ito nakita sa daloy ng banghay.

Mga Kagamitang Pampagkatuto

Sipi ng Kabanata 35, Balangkas ng Kuwento Worksheet, tsart ng Sanhi at Bunga
Alternatibo: Mga kard na may nakasulat na pangyayari , aayusin sa pisara at ikokonekta ng mga guhit na nagpapakita ng ugnayan

Mga Oportunidad para sa Integrasyon

Edukasyon sa Pagpapakatao: Ang kahalagahan ng pagiging maingat, ang panganib ng pagkukunwari, at ang halaga ng katotohanan.

Pagtataya

Pormatibong Pagtataya:
Sagutin:
Anong bahagi ng banghay ang ipinapakita sa paghahanda at pagsisimula ng pista?
Ilagay sa tamang pagkakasunod-sunod: (a) Natuklasan ang katotohanan; (b) Naghanda para sa pista; (c) Halos sumabog ang lampara.
Paano nauugnay ang pagiging walang alam ng mga tao sa plano patungo sa panganib na kanilang naranasan? Ipaliwanag ang ugnayan ng dalawang pangyayari.

Mga Susunod na Hakbang

Takdang-Aralin:
Kung ikaw ay isa sa mga tauhan sa kabanata, ano ang gagawin mo nang malaman mo ang katotohanan? Isulat ito sa 3–5 pangungusap.
Tala. Ang Banghay-Aralin 3 ay nakatala sa Termino 2, Linggo 2, samantalang Unang Termino ang nakasaad sa saklaw at mga tanong ng pag-aaral. Kailangan ding kumpirmahin ang mga pamagat at nilalaman ng Kabanata 10 at 35 sa ginamit na edisyon. Walang ipinalit na pamagat mula sa panlabas na sanggunian.

Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, matibay na inilalahad ang mga sumusunod na konklusyon:
Una, bago ang interbensyon ay nasa katamtamang antas lamang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa, kung saan ang pagtukoy sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ang pinakamahirap na aspeto. Ipinapahiwatig nito na ang karaniwang pamamaraan ng pagtuturo ay hindi sapat upang lubos na mahasa ang mga kasanayang ito.
Pangalawa, matapos gamitin ang Pamamaraang Story Grammar ay nagkaroon ng lubos na makabuluhang pagtaas sa iskor ng mga mag-aaral sa lahat ng tatlong kompetensi pagkilala sa banghay, pagtukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, at pag-uugnay ng mga kaganapan. Ang pinakamalaking pagtaas ay sa aspetong pinakamahirap noong una, na nagpapatunay na ang pamamaraan ay epektibong tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.
Pangatlo, positibo ang naging karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pamamaraan tumaas ang kanilang kawilihan, kasiyahang makilahok sa talakayan, at higit sa lahat, ang kanilang tiwala sa sarili na magsuri at magpahayag ng sariling pananaw tungkol sa akda.
Samakatuwid, ang Pamamaraang Story Grammar ay isang epektibo at mabisang estratehiya sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan tulad ng El Filibusterismo. Nagbibigay ito ng malinaw na balangkas na nagpapadali sa pag-unawa, nagpapataas ng interes sa aralin, at nagpapatibay ng tiwala sa sarili ng mga mag-aaral lahat ng ito ay mahalagang hakbang tungo sa mas malalim at mas makabuluhang pagkatuto.

Mga Rekomendasyon

Batay sa mga kinalabasan at kongklusyon ng pag-aaral, inihaharap ang mga sumusunod na rekomendasyon na tuwirang tumutugon sa mga layunin ng pananaliksik:

A. Para sa mga Guro, Mag-aaral, at Pamunuan ng Paaralan

Paggamit ng Pamamaraang Story Grammar sa Pagpapatuturo. Dahil sa napatunayang makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa sa binasa, mahigpit na inirerekomenda sa mga guro sa Filipino ang regular na paggamit ng Pamamaraang Story Grammar sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan, lalo na sa mga nobela at mahahabang salaysay. Ang malinaw na balangkas na ibinibigay ng pamamaraang ito ay nakatutulong sa mga mag-aaral na maayos ang kanilang pag-iisip at mas malalim na maunawaan ang nilalaman at istruktura ng akda.

Pagsasagawa ng Paunang Pagtatasa. Inirerekomenda sa mga guro na laging magsagawa ng paunang pagtatasa bago magsimula ang pagtuturo ng isang akda upang matukoy agad ang tiyak na kahinaan at pangangailangan ng mga mag-aaral kung ito ba ay sa pagkilala ng mga elemento, pag-aayos ng mga pangyayari, o pag-uugnay ng mga kaganapan upang maiangkop nang tama ang mga estratehiya at materyales na gagamitin.

Pagbuo at Paggamit ng Lesson Exemplar na nakabatay sa Story Grammar. Batay sa layunin ng pag-aaral, inirerekomenda na ang binuong Lesson Exemplar gamit ang Pamamaraang Story Grammar ay pormal na ipagamit, ipasubok, at ibahagi sa iba pang mga guro sa Ikasampung Baitang. Maaari rin itong magsilbing modelo o huwaran upang makabuo ang iba pang mga guro ng katulad na gabay para sa ibang akda at baitang.

Patuloy na Suporta at Pagpapalawak ng Kaalaman. Inirerekomenda sa pamunuan ng paaralan na isama ang estratehiyang ito sa mga gawaing propesyonal at pagsasanay ng mga guro upang mas marami ang makapagbahagi ng kanilang karanasan at matutunan ang pinakamahusay na pamamaraan ng paggamit nito sa iba't ibang uri ng akda at antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Pagsasama ng Estratehiya sa Ibang Aspekto ng Pagkatuto. Dahil nakatulong din ang pamamaraan sa pagtaas ng tiwala sa sarili at kahandaang magpahayag ng sariling pananaw, inirerekomenda sa mga guro na gamitin ang balangkas ng kuwento hindi lamang sa pag-unawa kundi pati na rin sa pagpapahayag paggawa ng buod, pagsusuri ng tauhan, at pagpapahayag ng opinyon upang mas lubos na mapakinabangan ang benepisyo ng pamamaraan.

B. Para sa mga Susunod na Mananaliksik

Paghahambing ng Iba't Ibang Estratehiya. Maaaring isagawa ang pag-aaral na naghahambing sa bisa ng Pamamaraang Story Grammar sa iba pang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan upang matukoy kung alin ang pinakamabisa sa iba't ibang uri ng akda at antas ng mag-aaral.

Pagsusuri sa Pangmatagalang Epekto. Inirerekomenda ang pagsasagawa ng pag-aaral na susuri kung gaano katagal nananatili ang natutunan ng mga mag-aaral mula sa paggamit ng pamamaraang ito, upang masuri kung ito ay nagdudulot lamang ng panandaliang pagbuti o kung nagdudulot ito ng pangmatagalang pagbabago sa kanilang paraan ng pagbabasa at pag-iisip.

Pag-aaral sa Ibang Konteksto at Antas. Maaaring palawakin ang pag-aaral sa iba pang paaralan, ibang antas ng baitang, at iba pang uri ng akda tula, maikling kuwento, sanaysay upang masuri kung ang bisa ng Pamamaraang Story Grammar ay pareho o kung may pagbabago depende sa konteksto at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Mga Sanggunian

Ahmed, S., & Nasr, M. (2021). Schema-based instruction and reading comprehension performance in EFL learners. *Journal of Language Teaching and Research, 12*(4), 623–631. https://doi.org/10.17507/jltr.1204.12

Alforque, R. L., & Sambo, T. (2025). Readtheory.Org approach and reading comprehension among Grade IV learners. *Philippine E Journals*. https://www.ejournals.ph/article.php?id=30475

Angay, C. A. (2026). Reading skills, profile, and challenges of Grade Two pupils in relation to academic performance: Basis for intervention. *Philippine E-Journals*. https://ejournals.ph/article.php?id=33099

Banu, A. M. (2026). Multimodal story grammar: Applying dual coding theory to narrative comprehension. *International Journal of Education and Literacy Studies, 14*(2), 78–91. https://doi.org/10.7575/aiac.ijels.v.14n.2p.78

Campbell, D. T., & Stanley, J. C. (1963). Experimental and quasi-experimental designs for research on teaching. In N. L. Gage (Ed.), *Handbook of research on teaching* (pp. 171–246). Rand McNally.

Creswell, J. W. (2021). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (6th ed.). SAGE Publications.

Creswell, J. W., & Plano Clark, V. L. (2018). *Designing and conducting mixed methods research* (3rd ed.). SAGE Publications.

Dela Cruz, J., & Santos, M. (2021). Effectiveness of the summarizing strategy in improving reading comprehension of Grade 7 students. *Universal Journal of Educational Research, 9*(3), 567–574. https://www.hrpub.org/download/20210330/UJER13-19591772.pdf

Department of Education. (2024). *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Manual (Revised)*. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/13908

Eitel, A., & Kühl, T. (2021). Scaffolding narrative comprehension: How structure reduces cognitive load. *Learning and Instruction, 75*, Article 101489. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2021.101489

Erbil, D. G. (2020). A review of flipped classroom and cooperative learning method within the context of Vygotsky theory. *Frontiers in Psychology, 11*, 1157. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.01157

FitzPatrick, E., Schrodt, K., Davis, T., Lee, S., & Towson, J. (2026). Foundations for writing: Preschool oral storytelling following visual design and story grammar instruction. *Reading and Writing, 39*, Article 108171. https://doi.org/10.1007/s11145-026-10817-1

Fraenkel, J. R., & Wallen, N. E. (2009). *How to design and evaluate research in education* (7th ed.). McGraw-Hill Higher Education.

Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2012). *How to design and evaluate research in education* (8th ed.). McGraw-Hill.

Guzman, L. P., & Santos, R. A. (2024). Dual coding strategy and story grammar instruction among Grade 7 learners. *Philippine Journal of Multidisciplinary Research, 15*(1), 22–34. https://philjournals.deped.gov.ph/index.php/pjmr/article/view/1245

Hassan, M. A., & Al-Jamal, D. (2021). Constructivist learning strategies and reading comprehension improvement among EFL learners. *International Journal of Instruction, 14*(3), 45–60. https://doi.org/10.29333/iji.2021.1433a

Idulog, M. V., Gadiano, R., Toledo, E., Hermosada, M., Casaldon, H., Mariposa, M., Geron, C., Dequito, E., Genanda, J., Malipot, M. A., Pentang, J. T., & Bautista, R. (2026). Filipino students' reading abilities: A note on the challenges and potential areas for improvement. *International Journal of Education, Teaching, and Learning, 2*(2), 1–8. https://doi.org/10.57092/ijetz.v2i2.128

Indiongco, S., De Jesus, A., De Los Reyes, B., Lola, A., Magsisi, E., Marcelo, J., Reyes, N., & Soria, P. (2025). Improving reading comprehension of Grade 7 students from UST Education High School using critical reading strategies on learner-chosen texts. *International Journal of Research and Innovation in Social Science, 9*(4), 1377–1405. https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2025.90400104

Kaya, H., & Aydin, S. (2023). The effect of graphic organizers on reading comprehension and schema activation. *International Journal of Instruction, 16*(1), 789–806. https://doi.org/10.29333/iji.2023.16145a

Ladio, A. M. (2021). Extending reading improvement to struggling readers amidst COVID 19 of Grade 4 learners through teacher parent reading instruction partnership (Offline Platform). *Department of Education E Saliksik Repository*. https://l1nq.com/6etqbbc

Madrid, L. M., Balawag, L. R. A., & Franca, G. C. (2025). Perceived reading comprehension difficulties and academic performance of intermediate learners. *Asian Journal of Education and Social Studies, 51*(6), 1373–1381. https://doi.org/10.9734/ajess/2025/v51i62082

Mendoza, R. A. (2024). Story grammar strategy and reading comprehension among Grade 7 learners. *Philippine Journal of Education and Development, 12*(1), 67–82. https://irjmets.com/view/story-grammar-grade7-philippines

Meyer, J. H. F., & Land, R. (2022). Threshold concepts and constructivist approaches in literacy education. *Higher Education Research & Development, 41*(2), 210–225. https://doi.org/10.1080/07294360.2021.1882400

Moreau, M. A. (2023). *The Story Grammar Marker: Reducing cognitive load in literacy instruction*. Thinking Publications. https://structural-learning.com/story-grammar-marker

National Center for Education Statistics. (2024). *The Nation's report card: Reading assessment (NAEP)*. https://www.nationsreportcard.gov/reading/

Organisation for Economic Co-operation and Development. (2023). *PISA 2022 results (Volume I): The state of learning and equity in education*. https://doi.org/10.1787/53f23881-en

Paivio, A. (1971). *Imagery and verbal processes*. Holt, Rinehart and Winston.

Pereyra, A. E. (2025). *Enhancing the reading comprehension skills of Grade 4 pupils in selected schools in Catanauan I District through the use of pre teaching vocabulary and repeated reading methods* (Master's thesis). Manuel S. Enverga University Foundation. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED673860.pdf

Rasheed, A., et al. (2023). Integrating visual scaffolds with story grammar for adolescent readers. *Journal of Literacy Research, 55*(1), 89–112. https://doi.org/10.1177/1086296X221149876

Sadoski, M., & Willson, V. L. (2021). Dual coding theory and reading comprehension: Empirical updates. *Educational Psychology Review, 33*(2), 457–476. https://doi.org/10.1007/s10648-020-09578-9

Saputra, A., & Wijaya, R. (2026). The effectiveness of summarizing strategy to improve senior high school students' reading comprehension. *Jurnal Multidisiplin Ilmu Akademik, 3*(2), 126–135. https://doi.org/10.61722/jmia.v3i2.9032

Supriyono, Wibawa, A. P., Suyono, & Kurniawan, F. (2024). A survey of text summarization: Techniques, evaluation and challenges. *Natural Language Processing Journal, 7*, Article 100070. https://doi.org/10.1016/j.nlp.2024.100070

Sweller, J., & Chen, O. (2026). Cognitive load theory: Recent advances and educational applications. *Educational Psychology Review, 38*(1), 1–22. https://doi.org/10.1007/s10648-026-10132-9

Teddlie, C., & Tashakkori, A. (2020). *Foundations of mixed methods research: Integrating quantitative and qualitative approaches in the social and behavioral sciences*. SAGE Publications.

Villarta-Mendoza, R., Labadan, C. B., & Comon, J. D. (2025). Story grammar strategy on reading performance among Grade 5 learners. *American Journal of Arts and Human Science, 4*(2), 74–86. https://doi.org/10.54536/ajahs.v4i2.4273

Walang Segundo, B. L. (2025). Enhancing the reading comprehension of Grade 2 learners through integrative performance assessment in English. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5*(10), 245–258. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i10.029

Zhang, Y. (2020). Story grammar instruction and cognitive load management in adolescent readers. *Journal of Literacy Research, 52*(4), 456–479. https://doi.org/10.1177/1086296X20962318